
# The Story of GOD

## Part One
## From Creation to Wilderness




TREASURING CHRIST PH

Scripture quotations marked (MBB) are taken from *Magandang Balita Biblia* © 2012 Philippine Bible Society, used with permission.

Scripture quotations marked (ASD) are taken from *Ang Salita ng Dios* © 2010 Biblica Publishing, used with permission.

Bible illustrations are from © Sweet Publishing, https://www.unfoldingword.org/sweet-publishing/.

*The Story of God: Part 1 (From Creation to Wilderness)*
© Copyright 2020 Derick Parfan, All rights reserved.

Published by Treasuring Christ PH Publishing
Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., cor. Cunanan St., Concepcion, Baliuag, Bulacan

For more resources, please visit our website (http://treasuringchristph.org) and Facebook page (http://facebook.com/treasuringchrist.ph/).

## Contents


Chapter 1 – Creation (Adam and Eve) .......... 1

Chapter 2 – Rebellion (Satan and Sin) .......... 5

Chapter 3 – The Spread of Sin (Cain and Abel) .......... 9

Chapter 4 – The Spread of Sin 2 (Noah) .......... 12

Chapter 5 – The Promise of God (Abraham) .......... 16

Chapter 6 – The Sacrifice (Abraham and Isaac) .......... 20

Chapter 7 – The Blessing of God (Jacob and Esau) .......... 24

Chapter 8 – The Sovereign God (Joseph) .......... 28

Chapter 9 – The Promise of Kings (Judah) .......... 33

Chapter 10 – Suffering (Job) .......... 37

Chapter 11 – Folly in Counseling (Job’s Friends) .......... 41

Chapter 12 – Silence and Submission (Job and God) .......... 46

Chapter 13 – Slavery (Moses and the Burning Bush) .......... 49

Chapter 14 – Rescue (Moses) .......... 53

Chapter 15 – Obedience (Law) .......... 57

Chapter 16 – Worship (The Tabernacle) .......... 61

Chapter 17 – Atonement (Offerings and Sacrifices) .......... 65

Chapter 18 – Holiness (Laws on Holy Living) .......... 69

Chapter 19 – Complaints Part 1 (Wilderness) .......... 73

Chapter 20 – Complaints Part 2 (Wilderness) .......... 77

Chapter 21 – Complaints Part 3 (Wilderness) .......... 81


Chapter 22 – From Curse to Blessing .......... 85

Chapter 23 – Law for the New Generation .......... 89

# Chapter 1 – Creation (Adam and Eve)

Story from **Genesis 1-2**

## Pakinggan mo ang kuwento…



Ang Kuwentong ito ay tungkol sa Diyos. Ito ang Kuwentong nakasulat sa Bibliya, ang Salita ng Diyos.



Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit ang ang mundo. Wala pa ang lahat ng bagay narito na ang Diyos. Lahat ng bagay sa mundo at sa langit ay ginawa ng Diyos mula sa wala.

Sa kapangyarihan ng kanyang salita, nalikha ang lahat. Sinabi niyang, *"Magkaroon ng liwanag,"* nagkaroon nga ng liwanag. Dito nagsimulang buuin ng Diyos ang mundong titirhan ng tao, ang mundong magsisilbing lugar na paghaharian ng Diyos.

Sa unang araw, pinaghiwalay niya ang liwanag sa kadiliman, ang araw sa gabi. Sa ikalawang araw, pinaghiwalay niya ang tubig at kalawakan. Sa ikatlong araw, pinagbukod niya ang tubig at lupa sa mundo.  Sa araw ding ito sinimulan niyang ihanda ang mundo para maging maganda at kapaki-pakinabang. Pinatubo niya ang iba't ibang uri ng puno at halaman.

Sa ika-apat na araw naman, nilikha niya ang araw, buwan at mga bituin. Sa ikalimang araw ay ang iba't ibang uri ng isda at mga ibon. Sa ika-anim naman ay ang mga hayop sa lupa – may maliit, may malaki, may maamo, may mailap.

Nakita ng Diyos ang lahat ng kanyang ginawa at nasiyahan siya sa ganda ng nakita niya.

Pero may kulang pa, hindi pa tapos ang kanyang paglikha. Pagkatapos niyang ihanda ang mundo, sinabi ng Diyos, *"Likhain natin ang tao ayon sa ating larawan. Sila ang mamamahala sa mundo, sa mga halaman at mga hayop na naririto."* Kaya dumampot ang Diyos ng lupa, hiningahan niya ito, nagkaroon ng buhay, at naging tao. Siya ang unang lalaki na ang pangalan ay Adan.

Pagkatapos nito, nilikha ng Diyos ang unang babae, si Eba. Hindi lang lalaki ang ginawa ng Diyos dahil sabi niya, *"Hindi mabuting mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya."* Kaya mula sa isa sa mga tadyang ni Adan, ginawa itong babae ng Diyos, at iniharap kay Adan. Sa ganitong paraan, nilikha ng Diyos ang tao na lalaki at babae ayon sa wangis niya.

Pinagpala ng Diyos ang unang mag-asawa at binigyan ng kakayahang magpakarami sa pamamagitan ng mga anak na galing sa kanila. Sinabihan niya sila, *"Magpakarami kayo para mangalat ang lahi ninyo at mamahala sa buong mundo."*

Inilagay niya sila sa isang magandang hardin, isang lugar kung saan nasa kanila na ang lahat ng kailangan nila para masiyahan sa buhay. Sabi sa kanila ng Diyos, *"Ibinibigay ko sa inyo ang mga pananim na nagbubunga ng butil at ang mga punongkahoy na namumunga para kainin ninyo."*

Sa gitna ng hardin, merong dalawang espesyal na puno. Ang isa ay ang Punong Nagbibigay-Buhay. Ang isa naman ay ang Punong Nagbibigay-Kaalaman ng Mabuti at Masama. Sinabi ng Diyos kay Adan at Eba na puwede silang kumain ng galing sa anumang puno maliban lang sa isa – ang Punong Nagbibigay-Kaalaman ng Mabuti at Masama. Nagbigay siya ng babala na kung kakain sila ng bunga nito, tiyak na mamamatay sila.

Araw-araw, dumarating ang Diyos, naglalakad na kasama ng mga tao, at nakikipagkuwentuhan sa kanila. Ipinakita niya sa kanila kung paano mamuhay nang kasiya-siya – isang buhay na malapit sa kanya at nasa ilalim ng kanyang pangangalaga at pamamahala. Nasisiyahan naman sina Adan at Eba na kasama ang Diyos.

Nang matapos ang paglikha ng Diyos, tiningnan niya lahat ng ginawa niya at lubos siyang nasiyahan. Nagpahinga siya at naglaan ng isang araw sa loob ng isang linggo bilang araw ng pamamahinga para sa kanyang mga nilikha.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang kaibahan ng tao sa lahat ng nilikha ng Diyos?

2. Saan natin makikita sa Kuwento na nilikha ang tao na mabuti at maganda?

3. Paano mo karaniwang ipinapakilala ang sarili mo (trabaho, pamilya, relasyon, abilidad)? Gaano kahalaga ang mga bagay na ito sa iyo?

4. Anong magbabago kung ang pagkakakilanlan (identity) mo ay nakadepende sa pagiging ayon sa “larawan o wangis ng Diyos”?

5. Anong klaseng relasyon meron ang Diyos sa mga tao?

6. Anong klaseng relasyon meron ang tao sa isa’t isa?

7. Ano sa tingin mo ang kahalagahan ng dalawang puno sa gitna ng hardin?

8. Sa tingin mo ba’y nilikha ang tao na mabuhay nang walang hanggan (di mamamatay)? Saan sa kuwento makikita iyon?

9. Ano ang natutunan natin tungkol sa Diyos sa eksenang ito?

10. Ano ang natutunan natin tungkol sa kahulugan o layunin ng buhay ng tao? Bakit tayo naririto? Saang bahagi ng kuwento makikita natin iyon?


11. Ano ang kahalagahan ng pagpapahinga ng Diyos sa ika-pitong araw?

12. Ano ang disenyo ng Diyos sa isang pamilya? Sa relasyon ng mag-asawa? Ng mga magulang sa mga anak?

13. Anong kaibahan nito sa nangyayari sa buhay ng tao ngayon? Sa mga karaniwang nangyayari sa pamilya?

14. Paano mo mas makikilala si Jesus sa kuwentong ito, at ayon din sa sinasabi sa **Juan 1:1-4**; **Col. 1:15-17**; at **Heb. 1:1-4**?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Ang Diyos ang Manlilikha at Siya’y dakila at makapangyarihan. Dahil si Jesus ay Diyos, siya din ang lumikha sa atin at siya’y dakila at makapangyarihan din. Ang Diyos lang ang dapat sambahin, wala nang iba.

✓ Ang tao ay nilikha sa larawan o wangis ng Diyos, para mamuhay na sumasalamin sa mabuting katangian ng Diyos.

✓ Nilikha ang tao para sa walang-hanggang buhay at sa malapit na relasyon sa Diyos at sa ibang tao, lalo na sa kanyang pamilya.

✓ Lahat ng kailangan ng tao para mamuhay nang may kasiyahan ay ibinigay ng Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 1-2**.

☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Genesis 1:27-28**: “Kaya nilikha ng Diyos ang tao na lalaki at babae ayon sa wangis niya. At binasbasan niya sila. Sinabi niya, ‘Magpakarami kayo para mangalat ang mga lahi ninyo at mamahala sa buong mundo. At pamahalaan ninyo ang lahat ng hayop’” (ASD).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Creates His Kingdom” sa http://bit.ly/01creation.

# Chapter 2 – Rebellion (Satan and Sin)

Story from **Genesis 3; Job 38:4-7; Isaiah 14:12-15; Revelation 12:4**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Habang inilalagay ng Diyos ang pundasyon ng mundo, nanonood ang mga anghel – hangang-hanga sa ginagawa niya, kumakanta, at humihiyaw sa tuwa! Nilikha niya ang magagandang anghel na ito para sambahin niya.

Pero ang ilan sa mga anghel – sa pamumuno ni Satanas – ay nagrebelde sa Diyos at sa kanyang paghahari. Anumang pagrerebelde sa Diyos – sa isip, sa salita, at sa gawa – ay tinatawag na kasalanan. Dahil di hahayaan ng Diyos na manatili ang kasalanan sa kanyang presensiya itinapon niya ang mga rebeldeng anghel sa kadiliman sa mundo, at darating ang araw na haharapin nila ang tiyak na parusa ng Diyos.

Isang araw, si Satanas ay nag-anyong ahas at lumapit kay Eba. Tinanong niya ang babae, *"Totoo bang pinagbawalan kayo ng Diyos na kumain ng bunga ng alin mang puno sa halamanan?"*

Sumagot si Eba, *"Hindi, puwede naman naming kainin lahat puwera lang dun sa Puno na Nagbibigay-Kaalaman ng Mabuti at Masama. Sinabi ng Diyos na kapag kinain namin iyon, o hinawakan man lang, tiyak na mamamatay kami."*

Sabi ng ahas sa kanya, *"Hindi totoong mamamatay kayo! Sinabi iyan ng Diyos dahil alam niya na kapag kumain kayo ng bungang iyon, mabubuksan ang mga isip ninyo, at magiging katulad niya kayo na nakakaalam kung ano ang mabuti at masama."*

Nang makita ni Eba na maganda at mukhang masarap ang prutas na iyon, at dahil gusto niyang maging marunong, pumitas siya at kumain. Binigyan din niya ang asawa niya, na katabi niya, at kumain din si Adan! Pinili nilang di maniwala sa Diyos kundi sa kasinungalingan. Noon din ay nabuksan ang kanilang isip at nalaman nilang hubad sila kaya't nahiya sila at natakot. Kumuha sila ng mga dahon at pinagtagpi-tagpi para pantakip sa kanilang katawan.

Pagdating ng hapon, narinig nila ang Diyos na dumarating, kaya nagtago sila sa likod ng puno. Tinawag ng Diyos si Adan, *"Nasaan ka?"*

Sumagot si Adan, *"Narinig ko po kayong dumarating, kaya nagtago ako. Natatakot po ako dahil hubad ako."*

Sumagot ang Diyos, *"Sino ang nagsabi sa iyo na hubad ka? Kumain ka ba ng bunga ng punongkahoy na sinabi ko sa iyo na huwag ninyong kakainin?"*

Sinisi ni Adan ang asawa niya at ang Diyos, *"Ang babae po kasi na ibinigay n'yo sa akin ay binigyan ako ng bunga ng punongkahoy na iyon at kinain ko."*

*"Bakit mo ginawa iyon?",* tanong ng Diyos kay Eba. Sinisi naman ni Eba ang ahas, *"Nilinlang po kasi ako ng ahas, kaya kumain po ako."*

Kaya sinabi ng Diyos sa ahas, *"Dahil sa ginawa mong ito, sa buong buhay mo'y gagapang ka sa pamamagitan ng iyong tiyan at ang bibig mo ay palaging makakakain ng alikabok. Ikaw at ang babae ay mag-aaway. Ang lahi mo at ang lahi niya ay mag-aaway din. Dudurugin niya ang ulo mo at tutuklawin mo ang sakong niya."*

Nalungkot ang Diyos sa ginawang pagsuway ng tao, pero di niya puwedeng palampasin lang iyon. Lahat ng ginagawa ng Diyos ay mabuti, tama at perpekto – dahil makatarungan siya dapat lang na parusahan ang kanilang pagrerebelde sa kanya. Kaya pinarusahan sila ng Diyos at pinalayas sa hardin – malayo na sa naranasan nilang pangangalaga at pag-iingat ng Diyos.

Dahil di na sila nagpasakop sa Diyos, pumasok ang sakit, hirap, sirang relasyon at kamatayan sa buhay ng tao. Sa kabila noon, patuloy pa ring ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig kina Adan at Eba. Pumatay siya ng isang hayop at ang balat nito ay ginawa niyang damit para sa kanila. Ginawa niya ito para sa kanila, para matakpan ang kanilang kahihiyan.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang kaibahan ng tao sa lahat ng nilikha ng Diyos?

2. Pero ano ang piniling gawin nina Adan at Eba sa eksenang ito?

3. Ano ang tuksong iniharap ng ahas kina Adan at Eba?

4. Ano ang karaniwang kuwento ng buhay ng tao ngayon? Bakit kaya nagkaganito?

5. Ano ang unang tugon ng Diyos kay Adan pagkatapos na siya'y sumuway?

6. Sa tingin mo ba'y di alam ng Diyos kung nasan siya? Bakit niya hinanap si Adan at tinanong?

7. Anu-ano ang natutunan mo tungkol sa Diyos sa kuwentong ito?

8. Ano ang resulta ng ginawang pagsuway nina Adan at Eba?

9. Bakit sa tingin mo may parusa sa ginawang pagsuway ng tao? Bakit di na lang ito pinalampas ng Diyos?


10. Tulad ba tayo nina Adan at Eba o iba sa kanila? Sa paanong paraan?

11. Ano ang kaibahan ni Jesus kay Adan at Eba at sa lahat sa atin sa pagharap sa tukso, ayon sa **Mateo 4:1-11** at **Hebreo 4:15**?

12. Paanong ang sinabi ng Diyos sa ahas sa **Genesis 3:15** ay "magandang balita" na nagkaroon ng katuparan sa pagdating ni Jesus?

13. Paanong ang ginawa ng Diyos na pagbibigay ng damit (mula sa balat ng hayop) kina Adan at Eba ay paghahanda sa pagdating ni Jesus?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Binigyan ng Diyos ang tao ng kalayaang pumili kung magtitiwala sa Diyos o sa sarili.
- ✓ Nagrebelde ang tao at pinalayas sa presensiya ng Diyos.

✓ Walang karapatan ang taong husgahan kung ano ang mabuti at masama; Diyos lang ang may awtoridad dito.

✓ Hinahabol ng kabutihan ng Diyos ang tao, kahit na sila'y mga rebelde.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 3** at **Mateo 4:1-11.**


☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Genesis 3:15**: [Sabi ng Diyos sa ahas] "Ikaw at ang babae ay mag-aaway. Ang lahi mo at ang lahi niya ay mag-aaway din. Dudurugin niya ang ulo mo at tutuklawin mo ang sakong niya" (ASD).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "Man Rebels Against God" sa http://bit.ly/02rebellion.

# Chapter 3 – The Spread of Sin (Cain and Abel)

Story from **Genesis 4:1-16, 25**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pinalayas na ng Diyos sina Adan at Eba. Nagkaroon sila ng dalawang anak na lalaki, sina Cain at Abel. Si Cain ay naging magsasaka at si Abel naman ay nag-aalaga ng hayop.

Nang umani na si Cain, naghandog siya sa Diyos ng galing sa kanyang ani. Si Abel naman ay nagdala ng pinakamaganda sa kanyang mga alagang hayop. Tinanggap at natuwa ang Diyos sa handog ni Abel, ngunit kay Cain ay hindi. Dahil dito nagalit si Cain.

*"Ano ba ang ikinagagalit mo?",* tanong ng Diyos sa kanya. *"Bakit ka nakasimangot? Tatanggapin ko ang handog mo kung tama sana ang puso mo sa paghahandog. Pero mag-ingat ka! Ang kasalanan ay maghahari sa iyo. Sapagkat ang kasalanan ay katulad ng mabagsik na hayop na nagbabantay sa iyo para sakmalin ka. Kaya kailangang talunin mo ito."*

Di nakinig sa Diyos si Cain. Naghari sa kanya ang inggit at galit kaya pinatay niya si Abel. *"Nasaan ang kapatid mo?",* tanong ng Diyos.

Sumagot si Cain*, "Ewan ko. Bakit, ako ba ang tagapagbantay niya?"*

Sabi ng Diyos, *"Dahil sa ginawa mo, isusumpa ka. Kahit magtanim ka pa, ang lupa ay hindi na magbibigay sa iyo ng ani. At wala kang pirmihang matitirhan, kaya magpapagala-gala ka kahit saan."*

Sabi ni Cain, *"Napakabigat ng parusang ito. Itinaboy ninyo ako ngayon sa lupaing ito at sa inyong harapan. Kung may makakakita sa akin, tiyak na papatayin ako."*

Sumagot ang Diyos, *"Hindi! Ang sinumang papatay sa iyo ay gagantihan ko ng pitong beses."* Kaya nilagyan ng marka ng Panginoon si Cain para hindi siya mapatay.

Pagkatapos, lumayo si Cain sa Panginoon at doon tumira sa bandang silangan ng hardin.

Pagkatapos nito, nagkaroon pa ng anak si Eba na ang pangalan ay Seth. Sabi ni Eba, *"Binigyan ako ng Diyos ng anak na kapalit ni Abel, dahil pinatay siya ni Cain."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang sinabi ng Diyos kay Cain pagkatapos na di niya tanggapin ang inihandog nito? Ano sa tingin mo ang ibig sabihin noon?

2. Sa paanong ang puso natin ay tulad din ni Cain sa tuwing maglilingkod tayo at sasamba sa Panginoon?

3. Bakit sa tingin mo pinatay ni Cain ang kanyang kapatid?

4. Nakapatay ka na rin ba ng tao? Tingnan ang sabi ni Jesus sa **Mateo 5:21-24**.


5. Ano ang reaksiyon ng Diyos sa pagpatay ni Cain sa kanyang kapatid? Bakit di niya na lang pinalampas ang kasalanan ni Cain?

6. Ano ang matututunan natin tungkol sa Diyos sa eksenang ito?

7. Ano ang matututunan natin tungkol sa tao sa kuwentong ito?

8. Paano nagbibigay ng pag-asa ng pagliligtas ng Diyos ang pagkapanganak kay Seth? Ano ang kinalaman nito sa sinabi ng Diyos sa **Genesis 3:15** at sa pagdating ni Jesus (**Lucas 3:23-38**, tingnan ang **v. 38**)?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Bawat tao ay piniling magkasala – piniling pahalagahan ang sarili nang higit sa Diyos at hiwalay sa Diyos.

- ✓ Tumitingin ang Diyos sa puso ng tao. Kaya kung titingnan ng Diyos ang puso ng bawat isa sa atin, makikita niya ang galit, inggit at mga makasariling hangarin maging sa paggawa ng mabuti.
- ✓ Ang kasalanan at pagkamakasarili ay nauuwi sa pagkahiwalay sa Diyos at sa kamatayan.
- ✓ Si Jesus ang itinakda ng Diyos na maging kapalit natin. Siya ang namatay at umako ng parusa na nararapat para sa atin, para tayo naman ay magkaroon ng buhay at maibalik sa Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 4.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Santiago (James) 1:14-15**: “Natutukso ang isang tao kapag nahihikayat siya at nadadala ng sariling pagnanasa. At kung susundin niya ang pagnanasa niya, magbubunga ito ng kasalanan; at kung magpapatuloy siya sa kasalanan, hahantong ito sa kamatayan” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Man Rebels Against God” sa http://bit.ly/02rebellion.

# Chapter 4 – The Spread of Sin 2 (Noah)

Story from **Genesis 6-9**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Hindi nagtagal, dumami nang dumami ang mga tao sa mundo. Sa pagdami ng tao, kumalat din ang kasalanan hindi lang mula kina Adan at Eba at sa kanilang mga anak, kundi sa bawat salinlahi.

Kahit na ang tao'y nilikha sa larawan ng Diyos, pinili nilang sumuway sa Diyos. Naging marahas sila sa isa't isa. Nang makita ng Diyos na ang ginagawa ng mga tao sa mundo ay puro kasamaan lang, at ang palagi nilang iniisip ay masama, nanghinayang siyang ginawa pa niya ang tao sa mundo.

Labis ang kalungkutan niya, kaya sinabi niya, *"Lilipulin ko ang lahat ng taong nilikha ko sa buong lupain. At lilipulin ko rin ang lahat ng hayop sa lupa dahil nanghihinayang ako sa paglikha sa kanila."*

Pero may isang taong kinalugdan ng Diyos, siya si Noe. May malapit siyang relasyon sa Diyos at siya lang ang namumuhay na matuwid noon.

Kaya sabi niya kay Noe, *"Lilipulin ko ang lahat ng tao. Pababahain ko ang mundo para malipol ang lahat ng nabubuhay. Mamamatay ang lahat ng nasa mundo. Pero may plano ako para maligtas ka at ang pamilya mo. Pangako ko ito sa iyo."*

At sinabihan siya ng Diyos na gumawa ng isang barko – kung gaano ito kalaki at kung ano ang itsura nito. *"Gumawa ka ng isang barko na may mga kuwarto para sa iyo at para sa mga hayop na ililigtas ko. Magdala ka ng pitong pares ng mga hayop na ihahandog n'yo sa akin at tig-isang pares ng iba pang hayop. Magdala ka ng sapat na pagkain para sa pamilya mo at sa mga hayop."*

Sinunod ni Noe ang lahat ng iniutos ng Diyos sa kanya.

At tulad ng sinabi ng Diyos – dumating ang malaking baha – naglabasan ang mga tubig mula sa lupa at bumuhos ang malakas na ulan. Nang dumating na ang tubig, pumasok na si Noe at ang kanyang pamilya sa barko. Sa pagbuhos ng malakas na ulan, tumaas nang tumaas ang baha hanggang nalubog ang pinakamataas na bundok. At lahat ng tao at lahat ng nabubuhay sa mundo ay nalunod at namatay; maliban lang sa mga nasa loob ng barko.

Tumigil ang ulan pagkatapos ng 40 araw, at pagkatapos ng halos isang taon nang magsimulang umulan, humupa na ang baha, at lumabas na sa barko si Noe at ang kanyang pamilya, pati mga hayop.

Paglabas nila, gumawa si Noe ng altar para sa Diyos, pumili ng mga malilinis na hayop para ihandog, at sinunog niya ito sa altar bilang handog sa Diyos, bilang pasasalamat at pagsamba sa kanya.

Natuwa ang Diyos sa handog ni Noe at sinabi, *"Hindi ko na muling susumpain ang lupa dahil sa ginawa ng tao, kahit alam kong makasalanan ang tao mula nang bata pa siya."* Pinagpala ng Diyos si Noe at ang kanyang mga anak, at sinabing sila'y magpakarami, at muling punuin ang mundo ng mga tao.

Sinabi ng Diyos kay Noe at sa mga anak niya, *"Kayo ang maghahari sa lahat ng mga hayop. Puwede n'yo silang kainin, 'wag lang ang mga hayop na hindi pa lumalabas ang dugo, dahil ang dugo ay simbolo ng buhay. Sisingilin ko ang sinumang papatay sa kanyang kapwa. Sapagkat ang tao ay ginawa ng Diyos na kawangis niya."*

At dugtong pa niya, *"Bilang palatandaan ng kasunduan ko sa inyo at sa mga hayop, maglalagay ako ng bahaghari sa ulap. Tuwing lilitaw ang bahaghari sa mga ulap, aalalahanin ko agad ang walang hanggang kasunduan ko sa lahat ng uri ng nilikha na nabubuhay sa mundo."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Bakit sinira ng Diyos ang halos lahat ng nilikha niya sa mundo? Meron ba siyang sapat na dahilan para gawin 'to?

2. Bakit naligtas si Noe at ang kanyang pamilya? Ano ang ibig sabihin ng "namumuhay na matuwid"? Wala bang kasalanan si Noe?

3. Ano ang kahahantungan ng kasamaan, pagrerebelde at karahasan ng tao? Paanong ang ginawa ng Diyos dito ay babala sa bigat ng parusang naghihintay sa mga makasalanan?

4. Ano naman ang kinahantungan ng pagtitiwala at pagsunod ni Noe?

5. Batay sa eksena ngayon, at sa mga nauna pa sa Kuwento, ano ang pagsasalarawan sa mga tao?

6. Ang mundo ba at mga tao sa panahon ni Noe ay iba sa panahon natin ngayon? Paano mo nasabi?

7. Mula sa eksenang ito, ano ang nararamdaman ng Diyos sa mga tao?

8. Ano ang ibig sabihin ng mamunga at magpakarami? Ano ang kinalaman nito sa pagpapalaki ng anak, sa paghawak ng pera, sa paggamit ng talento, sa paggamit ng oras, at sa relasyon sa ibang tao?


9. Ano ang sinabi ng Diyos tungkol sa hayop at sa dugo nito? Tungkol sa pagpatay at buhay ng tao? Bakit ito mahalaga?

10. Anu-ano ang natutunan natin tungkol sa Diyos sa kuwentong ito?

11. Ano ang kaibahan ng pamumuhay ni Jesus sa mga tao sa kuwentong ito at sa ating lahat?

12. Ano ang ipinangako ng Diyos sa kuwentong ito? Paanong ang pangakong ito ay matutupad lamang sa pamamagitan ni Jesus at ng pagdanak ng kanyang dugo sa krus?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagtitiwala at pagsunod ay tungo sa ganap na buhay at relasyon sa Diyos.
- ✓ Nilikha tayo ng Diyos at inutusang mamunga o magpakarami.
- ✓ Ang Diyos ang pinagmumulan ng awa at pagpapala.
- ✓ Mapapasaatin ang pagpapala ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus at ng kanyang dugong nabuhos sa krus para bayaran ang ating mga kasalanan.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 6-9.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Genesis 9:14-15**: “Sa tuwing gagawin kong maulap ang langit at lilitaw ang bahaghari, aalalahanin ko agad ang kasunduan ko sa inyo at sa lahat ng uri ng hayop, na hindi ko na lilipulin ang lahat ng may buhay sa pamamagitan ng baha” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Man Rebels Against God” sa http://bit.ly/02rebellion.

# Chapter 5 – The Promise of God (Abraham)

Story from **Genesis 11-18, 21**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Di lumaon, nakalimutan ng mga sumunod na lahi ni Noe ang Diyos na nagligtas sa kanila mula sa baha. Nagbalak silang gawing tanyag ang sarili nila sa halip na bigyang karangalan ang Diyos. Sabi nila, *“Magtayo tayo ng isang lungsod na may toreng aabot sa langit, para maging tanyag tayo.”*

Nakita ng Diyos ang kahambugan ng tao. Sa panahong iyon, lahat ng tao sa mundo ay may iisang wika lang. Kaya pinag-iba-iba ng Diyos ang wika ng mga tao para di sila magkaisang magrebelde sa kanya. At ikinalat ng Diyos ang mga tao sa iba’t ibang dako ng mundo. Noon nagsimula ang iba’t ibang lahi…

Pagkatapos ng ilang panahon, mula sa maraming lahing nagkalat ay tumawag siya ng isang tao na ang pangalan ay Abram. Sa kanya’y nagbitaw siya ng isang pangakong tinatawag na tipan – na siyang pinakamatibay sa lahat ng mga kasunduan. Ito ang tipan ng Diyos kay Abram, “*Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang pangalan mo…Pagpapalain ko ang magmamagandang-loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo. Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo.”*

Napakalaking pangako ang binitawan ng Diyos. Pinili niyang pagpalain ang buong mundo sa pamamagitan ng isang pamilya! Pero merong isang problema. Si Sarai, na asawa ni Abram, ay di magkaanak. Paano ngayong mangyayaring pagpapalain ang mundo sa pamamagitan ng mga anak nila? Bukod doon, tumatanda pa sila. Si Abram ay 75 taon na at si Sarai ay 65!

Iniutos ng Diyos kay Abram*, “Iwan mo ang bansa mo at mga kamag-anak mo at pumunta ka sa lugar na ipapakita ko sa iyo.”* Dinala ng Diyos sina Abram at kanyang pamilya sa lupang tinatawag na Canaan. Doon, sinabi ng Diyos sa kanya, *“Ang lahat ng lupain na maaabot ng paningin mo ay ibibigay ko sa iyo at sa mga lahi mo, at magiging inyo ito magpakailanman.”* Kaya ang Canaan ay tinawag na Lupang Pangako.

Lumipas ang ilang taon, wala pa ring anak ang mag-asawang Abram at Sarai. Nagtanong si Abram sa Diyos, *“Ano po ang halaga ng gantimpala n’yo sa akin dahil*

*hanggang ngayon ay wala pa po akong anak. Tumatanda na ako at ang magiging tagapagmana ko ay isa sa mga alipin ko."*

Pero tugon ng Diyos, *"Hindi siya ang magmamana ng mga ari-arian mo kundi ang sarili mong anak."* Pagkatapos dinala siya ng Diyos sa labas at sinabi, *"Masdan mo ang mga bituin sa langit, bilangin mo kung makakaya mo. Magiging ganyan din karami ang lahi mo."*

Nanalig si Abram sa Diyos at sa kanyang pangako, at dahil dito, itinuring siyang matuwid ng Diyos.

Lumipas pa ang maraming taon at nainip na si Sarai dahil di pa siya nagkakaanak. Nagplano siyang ibigay ang alipin nilang si Hagar kay Abram para magkaanak para sa kanya. Pumayag naman si Abram dito. Nabuntis si Hagar at nanganak ng isang lalaki na ang pangalan ay Ishmael. Di naging maganda ang relasyon ng mag-inang ito sa pamilya ni Abram kaya di lumaon ay pinalayas sila.

Nang 99 taon na si Abram, muling nagpakita sa kanya ang Diyos at sinabi, *"Ako ang Diyos na Makapangyarihan. Palagi kang maging matapat sa akin at mamuhay nang matuwid. Tutuparin ko ang kasunduan ko sa iyo; pararamihin ko ang mga lahi mo. Papalitan ko ang pangalan mo at gagawin kong Abraham, na ang ibig sabihin ay 'ama ng maraming bansa.' Si Sarai naman ay gagawin kong Sarah, na ang ibig sabihin ay 'ina ng maraming bansa.' Tandaan mo ito…patuloy akong magiging Diyos ninyo. Ang kasunduang ito ay magpapatuloy magpakailanman. Ang asawa mo'y manganganak ng lalaki at papangalanan mo siyang Isaac."*

Parehong natawa ang mag-asawa at nagduda sa ipinangako ng Diyos. Nagtaka si Abraham, *"Magkakaanak pa ba ako na nasa 100 taong gulang na? At si Sarah, mabubuntis pa kaya siya na nasa 90 taong gulang na?"* Si Sarah naman, sa isip-isip niya, *"Magkakaanak pa ba ako ngayong matanda na ako, at mas matanda pa ang asawa ko?"*

Nagtanong si Abraham sa Diyos, *"Puwede po bang kay Ishmael n'yo na lang ipasa ang pagpapalang pinangako n'yo?"*

Pero sabi ng Diyos, *"Bakit kayo natawa? May bagay ba na hindi ko kayang gawin? Isang taon mula ngayon, magkakaroon ka ng anak na lalaki. At sa kanya ko ipapasa ang pagpapalang ipinangako ko sa iyo – hindi kay Ishmael."*

Totoo nga, paglipas ng isang taon – eksakto ayon sa sinabi ng Diyos – ipinanganak kay Sarah ang kanyang unang anak na lalaki, at pinangalanang Isaac, na ang ibig sabihi'y "tawa." Ang pagsilang kay Isaac ang pasimula ng pagtupad ng Diyos sa pangako niya kay Abraham. Nais ng Diyos sa lahi ni Abraham na sila'y maging isang bagong bayan, pamilya ng Diyos, na magpapakita sa buong mundo kung paano mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Bakit pinigilan ng Diyos ang balak ng mga taong gumawa ng tore? Ano ang balak ng mga taong ito na taliwas sa nais ng Diyos?

2. Mula sa eksenang ito, ano ang matututunan natin tungkol kay Abraham? Tungkol naman kay Sarah?

3. Saan sa eksenang ito makikita nating nagduda o nag-alinlangan si Abraham sa pangako ng Diyos?

4. Bakit tinawag ng Diyos na matuwid si Abraham? Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng "matuwid"? Paano mo isasalarawan ang relasyon ng Diyos kay Abraham?

5. Ano ang ipinangako ng Diyos kay Abraham?

6. May narinig ka ba sa eksenang ito na may koneksiyon sa mga naunang bahagi ng Kuwento? Ano 'yon?


7. Anong sinasabi ng pangakong ito ng Diyos tungkol sa kung sino siya?

8. Paanong ang pangako ng Diyos kay Abraham ay nagkaroon ng katuparan kay Jesus? Tingnan ang **Mateo 1:1**.

9. Paanong mapapasaatin din ang pangakong pagpapala ng Diyos kay Abraham? Tingnan ang **Galacia 3:6-8, 14**.

10. Ano ang kinalaman ng pangako ng Diyos kay Abraham sa **Genesis 12:2-3** sa misyong ibinigay sa atin ni Jesus sa **Mateo 28:18-20**? Ano ang bahagi natin dito?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ipinangako ng Diyos kay Abraham ang isang malaking pamilya, lupain, pagpapala at sa pamamagitan niya'y pagpapalain ang buong mundo.
- ✓ Ang Diyos ang unang gumawa ng paraan para maibalik ang tao sa magandang relasyon sa kanya.
- ✓ Ang tugon natin sa pangakong ito ng Diyos ay hindi para pagtrabahuhan ang pagpapala ng Diyos kundi magtiwala sa kanyang mga salita na nagkaroon ng katuparan kay Jesus.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 11:1-9; 12:1-9; 15–16; 17:1–18:15; 21:1-7.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Genesis 12:2-3**: "Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain. Pagpapalain ko ang magmamagandang loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo. Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Makes a Promise" sa http://bit.ly/03promise.

# Chapter 6 – The Sacrifice (Abraham and Isaac)

Story from **Genesis 22:1-19**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nang magbibinata na si Isaac, sinubukan ng Diyos ang pananampalataya ni Abraham.

Tinawag siya ng Diyos, *"Abraham!"*

*"Opo, nakikinig po ako!"* tugon naman niya.

Sabi ng Diyos, *"Dalhin mo ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak na si Isaac. Umakyat kayo sa bundok na ituturo ko sa iyo at ialay mo siya sa akin bilang handog na sinusunog."*

Kinabukasan din, maagang-maaga pa, bumangon na si Abraham. Nagsibak siya ng ilang kahoy para sa paghahandog, at isinakay ito sa asno. Pagkagayak lahat, isinama niya si Isaac at ang dalawa sa kanyang mga alipin at nagsimulang pumunta sa bundok na sinasabi ng Diyos.

Pagkaraan ng tatlong araw na paglalakbay nila, nakita na nila ang bundok. At sinabi ni Abraham sa kanyang mga alipin, *"Dito muna kayo, dahil aakyat kami roon ni Isaac para sumamba sa Diyos. Babalik din kami agad."* Ipinapasan ni Abraham kay Isaac ang mga kahoy na gagamitin sa paghahandog, at siya ang nagdala ng itak at sulo.

Habang naglalakad sila papunta sa bundok, nagtaka si Isaac at nagtanong, *"Tatay, may dala po tayong sulo at paggatong pero nasaan po ang tupa na ihahandog?"*

Sumagot si Abraham, *"Anak, ang Diyos ang magbibigay sa atin ng tupang ihahandog."*

Pagdating nila sa taas ng bundok, gumawa sila ng altar at inilagay ang mga kahoy sa ibaba. Pagkatapos, iginapos niya si Isaac at inihiga sa ibabaw ng altar. Pagkatapos, kinuha niya ang itak, itinaas at papatayin na sana ang kanyang anak para ihandog sa Diyos.

Pero nang oras ding iyon, sumigaw ang Anghel ng Diyos mula sa langit, *"Abraham! Abraham!"*

*"Opo, nakikinig po ako!"* sagot naman niya.

Sabi ng Anghel, *"Ibaba mo na ang itak. 'Wag mo nang saktan ang anak mo. Ngayon, napatunayan ko nang nagtitiwala ka sa akin dahil hindi mo ipinagkait ang kaisa-isa mong anak."*

Paglingon ni Abraham, may nakita siyang isang tupa na ang sungay ay nasabit sa mga sanga ng kahoy. Kaya kinuha ito ni Abraham at inihandog sa Diyos kapalit ng kanyang anak. Dahil dito, tinawag ni Abraham ang lugar na iyon na *“Ang Diyos ang Naglalaan.”*

Pagkatapos noon, sinabi ng Diyos kay Abraham, *“Sumusumpa ako sa sarili ko na pagpapalain kita dahil hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisa-isa mong anak. Lalaki nang lalaki ang pamilya mo – magiging singdami ng mga bituin sa langit at ng mga buhangin sa dalampasigan. Sa pamamagitan ng lahi mo pagpapalain ko ang lahat ng lahi sa mundo, dahil pinili mong sumunod sa akin.”* Pagkatapos nito, bumaba na sila ng bundok, binalikan ang kasama nilang alipin, at umuwi na sa kanila.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang dahilan ng Diyos bakit ipinagawa niya kay Abraham ang paghahandog sa kanyang anak?

2. Ano ang ipinapakita ng kuwentong ito tungkol kay Abraham at sa kanyang relasyon sa Diyos?

3. Kung ikaw si Abraham, ano ang sasabihin mo sa Diyos sa ipinapagawa niya?

4. Ano ang sabi ni Abraham sa kanyang mga alipin? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa pananampalataya ni Abraham? Tingnan din ang **Hebreo 11:17-19**.

5. Ano ang nakasalalay sa pagsunod ni Abraham sa Diyos sa eksenang ito?


6. Ano naman ang nakita mo tungkol kay Isaac at sa relasyon niya sa kanyang ama?

7. Saang bahagi ng mga nagdaang kuwento nakita na nating naghahandog ang tao sa Diyos? Bakit nila ito ginagawa? Ano ang itinuturo ng Diyos tungkol sa mga paghahandog na ito?

8. Ano ang tinuturo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?

9. Ano sa tingin mo ang koneksiyon nito sa pagdating ng Panginoong Jesus at sa paghahandog ng Diyos ng kanyang sariling anak para sa atin? Tingnan ang Juan 3:16 at Roma 8:32.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Tumutupad ang Diyos sa kanyang pangako; at palaging mapagkakatiwalaan ang kanyang mga sinasabi at inuutos kahit na ito ay mahirap paniwalaan at sundin.
- ✓ Ang pagsunod sa Diyos ay nagpapakita ng pagtitiwala natin sa kanya.
- ✓ Ang pananampalataya ay pagtitiwala sa mga salita ng Diyos at sa kanyang pangakong tiyak na tutuparin niya.
- ✓ Ang Diyos mismo ang naghandog ng kanyang nag-iisa at pinakamamahal na Anak na si Jesus para tubusin tayo sa ating mga kasalanan at mapasaatin ang mga pagpapalang ipinangako niya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 22:1-19**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Roma 8:32**: “Kung ang sarili niyang Anak ay hindi niya ipinagkait kundi ibinigay para sa atin, tiyak na ibibigay din niya sa atin ang lahat ng bagay” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Makes a Promise” sa http://bit.ly/03promise.

# Chapter 7 – The Blessing of God (Jacob and Esau)

Story from **Genesis 25-33, 35**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Tulad ng ipinangako ng Diyos kay Abraham, ang pagpapala ay ipinasa sa kanyang anak na si Isaac.

Napangasawa ni Isaac si Rebeka, at dahil baog ito, hiniling niya sa Diyos na magkaanak ito. Tinugon ng Diyos ang dalangin niya kaya nagbuntis siya at nanganak ng kambal – si Esau ang panganay, at sumunod si Jacob. Sinabi ng Diyos, *"Ang isa'y magiging makapangyarihan kaysa sa isa. Ang nakatatanda ay maglilingkod sa nakababata niyang kapatid."*

Hindi naging maganda ang relasyon ng magkapatid na ito. Dahil lang sa pagkain ipinagpalit ni Esau ang karapatan niya bilang panganay at inilipat kay Jacob. Nang matanda na ang kanilang tatay na si Isaac at nakahanda nang ipasa ang pagpapala kay Esau (sa halip na kay Jacob dapat ayon sa sabi ng Diyos), nagsabwatan si Rebekah at si Jacob para lokohin si Isaac. Dahil dito, kay Jacob napunta ang basbas ng pagpapala ni Isaac, na galing din sa pagpapala ng kanyang lolong si Abraham.

Dahil dito, galit na galit si Esau sa kanyang kapatid. Nagbanta pa siyang hihintayin lang niyang mamatay ang kanilang ama at pagkatapos ay papatayin niya si Jacob. Kaya pinapunta ni Rebeka si Jacob sa kaniyang tiyuhing si Laban, para matakasan ang banta ni Esau. Bago siya umalis, binasbasan ulit siya ni Isaac, *"Nawa'y pagpalain ka ng Makapangyarihang Diyos at ibigay din sa iyo at sa mga lahi mo ang pagpapalang ibinigay niya kay Abraham."*

Sa kalagitnaan ng paglalakbay ni Jacob, nanaginip siya habang natutulog. Nakita niya ang isang hagdan na abot hanggang langit at ang mga anghel ay manhik-manaog sa hagdang iyon. Nagsalita ang Diyos at inulit kay Jacob ang ipinangako din niya kay Abraham at Isaac at ibinilin niya, *"Alalahanin mo palaging kasama mo ako at iingatan kita sa lupaing ito at hindi kita pababayaan hanggang sa matupad ko ang aking ipinangako sa iyo."*

Dahil sa nakita niyang nandoon ang presensiya ng Diyos, tinawag niya itong Betel, na ang ibig sabihin ay "tirahan ng Diyos." At nangako siya sa Diyos, *"Kung sasamahan po ninyo ako at iingatan, kikilalanin ko po kayong aking Diyos."*

Totoo ngang sinamahan, pinagpala at iningatan siya ng Diyos. Pagdating niya sa bayan ng kanyang ina, napangasawa niya ang dalawang anak ng kanyang tiyuhing si Laban, at nagkaanak siya ng 12 lalaki – at sa kanila nagmula ang 12 lipi ng bansang Israel. Sa loob ng 20 taong pamamalagi niya roon, pinagyaman siya ng Diyos at nagkaroon ng maraming tauhan at mga ari-arian. Si Laban din ay pinagpala ng Diyos dahil sa kanya.

[Pwedeng huminto sa bahaging ito at ipaulit na ang kuwento sa kanila. Ituloy na lang pagkatapos ng pag-uulit.]

Pagkatapos sinabi ng Diyos sa kanya, *"Bumalik ka na sa lupain ng iyong mga ninuno, at makakasama mo ako."* Kaya naghanda nang bumalik si Jacob kasama ang kanyang buong pamilya, mga tauhan at mga pag-aari.

Habang pabalik na siya ay nabalitaan niyang sasalubungin siya ng kanyang kuyang si Esau kasama ang 400 tauhan nito. Takot na takot si Jacob. Kaya lumapit siya sa Diyos, *"Kayo po ang nagsabing bumalik ako at nangakong pagpapalain ako at pararamihin ang lahi ko, kahit na hindi ako karapat-dapat na tumanggap ng inyong kabutihan. Natatakot po ako sa aking kapatid, kaya hinihiling ko po sa inyong iligtas n'yo ako at ang aking pamilya."*

Narinig ng Diyos ang panalangin ni Jacob. Kaya nang gabi ding iyon, may dumating na isang lalaki at nakipagbuno kay Jacob, hanggang mag-uumaga na. At sinabi ng lalaking ito na bitiwan na siya, pero ang sabi ni Jacob, "*Hindi kita bibitiwan hangga't hindi mo ako binabasbasan."*

Sagot ng lalaki, *"Simula ngayon, hindi na Jacob ang itatawag sa iyo kundi Israel, dahil nakipagtagisan ka sa Diyos at sa tao nagtagumpay."* Sa lugar na iyon, binasbasan siya ng Diyos, at tinawag niya itong Peniel, na ibig sabihi'y "mukha ng Diyos" dahil nakita ni Jacob ang mukha ng Diyos na nagpapakitang kakampi niya ang Diyos.

Nang umaga ring iyon, nang magkita na silang magkapatid, tumakbo si Esau para salubungin siya. Niyakap siya nito nang mahigpit at umiyak silang dalawa. Sinabi ni Jacob sa kuya niya, *"Nakita ko ang mukha ng Diyos sa iyo, ngayong pinatawad mo na ako."* Pagkatapos nito'y naghiwalay na ulit ng landas ang magkapatid.

Nang madaan ulit si Jacob sa Betel, sumamba siya sa Diyos at sinabi naman ng Diyos sa kanya, *"Ako ang Makapangyarihang Diyos. Magkaroon ka ng maraming anak. Magiging ama ka ng isang bansa at marami pang bansa, at manggagaling sa iyo ang magiging mga hari. Ang lupain na ibinigay ko kay Abraham at kay Isaac ay ibibigay ko rin sa iyo at sa mga lahi mo."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa kuwentong ito, ano ang nakita mo tungkol kay Jacob at Esau at sa relasyon nilang magkapatid?

2. Tungkol naman kay Isaac at Rebeka at sa relasyon nilang mag-asawa?

3. Ano ang sinabi ng Diyos pagkapanganak kay Esau at Jacob? Ano ang kinalaman nito sa desisyon ni Rebeka at Jacob na lokohin si Isaac?

4. Bakit naman hinayaan ng Diyos na mapasa ang pagpapala kay Jacob gayong mandaraya ito?

5. Ano ang pagpapalang ipinasa kay Jacob? Balikan ang mga naunang kuwento tungkol kay Abraham.

6. Ano ang ginawa ng Diyos para mawala ang takot ni Jacob sa kanyang kapatid?

7. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?


8. May nakita ba kayong koneksiyon ng kuwentong ito sa mga nagdaang kuwento?

9. Sa anong paraan katulad din tayo ni Jacob?

10. Paano mo nakita sa kuwento ang biyaya ng Diyos kay Jacob sa kabila ng kanyang mga kasalanan at di-pagtitiwala sa Diyos?

11. Paanong sa pamamagitan ni Jesus ay mararanasan din natin ang biyayang ito ng Diyos sa kabila ng ating mga kasalanan at pagkukulang sa Diyos? Tingnan ang **Juan 1:14-18**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Maging ang kasalanan natin ay ginagamit ng Diyos para maisakatuparan ang kanyang magandang layunin. Iyon ang ibig sabihin ng "sovereignty of God," makapangyarihan niyang magagawa ang lahat ng nais niya para matiyak na mapapasaatin ang pagpapala niya.
- ✓ Sa mga panahong natatakot tayo, na nagiging hadlang para lubos tayong makasunod sa kanya, ipinapakita niya kung ano ang nais niya para sa atin.
- ✓ Lubus-lubos ang biyaya at kagandahang-loob ng Diyos sa atin sa kabila ng ating mga kasalanan. Nararanasan natin ito dahil sa ginawa ni Jesus para sa atin.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 25:19-34; 27:1-29; 32:1–33:20**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Juan 1:16, 18**: "Sa kasaganaan ng kanyang biyaya ay tumanggap tayong lahat ng sunud-sunod na pagpapala…Wala pang nakakita sa Diyos Ama kahit kailan, ngunit ipinakilala siya sa atin ng Diyos Anak, ang kaisa-isang Anak na nasa piling ng Ama" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Makes a Promise" sa http://bit.ly/03promise.

# Chapter 8 – The Sovereign God (Joseph)

Story from **Genesis 37, 39-50**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Si Jacob (na ngayo'y Israel na ang pangalan) at kasama ang kanyang 12 anak na lalaki ay nakatira na ngayon sa Canaan, sa Lupang Pangako. Sa kanyang mga anak, pinaka-paborito niya si Jose, kaya't ginawan niya siya ng maganda at mahabang damit.

Labimpitong taon siya noong tinutulungan niya ang mga kapatid niyang mag-alaga ng hayop at isinusumbong naman niya ang mga maling ginagawa nila.

Dahil doon, at dahil paborito si Jose ng tatay nila, naiinggit at galit sa kanya ang mga kapatid niya. Mas nagalit pa sila nang ikuwento niya ang panaginip niya kung saan nakita niyang darating ang araw na lahat sila ay yuyuko sa kanya! Nagalit sila, *"Ano? Magiging hari ka at mangunguna sa amin?"*

Isang araw, pinapunta ni Israel si Jose sa kanyang mga kapatid para tingnan kung maayos ang kalagayan ng mga kapatid niyang nagbabantay ng mga hayop. Nang makita nila si Jose, nagbalak silang patayin siya, *"Narito na ang ambisyoso. Patayin natin siya, at ihulog sa balon. Tingnan nga natin kung magkatotoo pa ang panaginip niya."* Pero napagkasunduan na lang nilang ibenta si Jose sa mga mangangalakal na Ishmaelitang dumaraan at papunta Egipto.

Pinunit nila ang kanyang damit na bigay ng kanyang ama, isinawsaw sa dugo ng kambing at ipinakita sa kanilang ama at sinabi, *"Nakita po namin ito. Kay Jose po ba ito o hindi?"* Tiningnang mabuti ni Israel ang damit at sabi, *"Oo, sa kanya 'to. Pinatay siya ng mabangis na hayop at kinain."* Umiyak siya nang malakas, *"Mamamatay akong nagdadalamhati dahil sa pagkamatay ng anak ko!"*

Samantala, si Jose ay ibinenta naman ng mga nakabili sa kanya kay Potifar, kapitan ng mga guwardiya ng hari ng Egipto. Napansin ni Potifar na si Jose ay ginagabayan ng Diyos at pinagpapala sa lahat ng ginagawa niya. Dahil doon, tinaasan niya ang posisyon ni Jose at ginawang tagapamahala at katiwala ng kanyang buong sambahayan at mga ari-arian. Pinagpala din ng Diyos ang sambahayan ni Potifar dahil kay Jose.

Dahil si Jose ay bata pa at guwapo, nagustuhan siya ng asawa ni Potifar. Palagi siyang pinipilit nitong sumama sa kanya sa kama. Pero tumatanggi si Jose, at sinasabi, *“Hindi ko magagawang pagtaksilan ang amo ko at magkasala sa Diyos!”* Isang gabi pag-uwi ni Potifar, nagsumbong ang asawa niya at pinagbintangan si Jose, *“Ang aliping Hebreo na dinala mo dito, tinangka niyang gahasain ako.”*

Galit na galit si Potifar sa narinig niya, kaya ipinakulong niya si Jose sa kulungan ng hari. Pero patuloy pa rin siyang ginabayan at sinamahan ng Diyos kahit sa kulungan. Napansin ng tagapamahala ng mga bilanggo ang kabutihan ng Diyos kay Jose, kaya naging panatag siya at ipinagkatiwala niya kay Jose ang mga bilanggo at lahat ng ginagawa sa kulungan. Patuloy na ginabayan ng Diyos si Jose at pinagpala sa lahat ng kanyang ginagawa.

Binigyan din siya ng Diyos ng kakayahan na magpaliwanag ng panaginip. Isang araw, napansin niyang malungkot ang dalawang bilanggo na dating mga tauhan ng hari. Sinabi nilang nanaginip sila at di nila maintindihan, kaya ipinaliwanag ni Jose sa kanila ang panaginip nila. Nagkatotoo ang paliwanang ni Jose. Pagkatapos ng tatlong araw, sa kaarawan ng hari, ang isang tauhan ay ipinapatay, ayon sa paliwanag ni Jose. Ang isa naman ay pinalaya at ibinalik sa dati niyang posisyon, tulad din ng paliwanag ni Jose. Sinabi niya sa tauhang ito, *“Alalahanin mo ako kapag nasa mabuti ka nang kalagayan. Banggitin mo rin ako sa hari para matulungan mo rin akong makalabas dito.”* Pero di man lang siya inalala nito.

[Puwedeng huminto muna sa bahaging ito at ipaulit na sa kanila ang kuwento. Ituloy na lang ang susunod na bahagi ng kuwento pagkatapos.]

Pagkaraan ng ilang taon, nagkaroon ng ilang mga panaginip ang hari na sobrang ikinababahala niya. Sa isa sa mga panaginip na iyon, may nakita siyang pitong matatabang baka na kinakain ng pitong payat na baka! Wala ni isa man sa mga matatalinong tauhan ng hari ang makapagpaliwanag kung ano ang ibig sabihin noon. Ngayon, naalala si Jose ng tauhang nakasama niya sa kulungan at sinabi sa hari ang kanyang kakayahang magpaliwanag ng panaginip.

Kaya pinatawag ng hari si Jose at tinanong, *“Totoo nga bang marunong kang magpaliwanag ng panaginip?” “Hindi po ako, Mahal na Hari,”* sagot ni Jose, *“kundi ang Diyos ang siyang magbibigay ng kahulugan ng mga panaginip ninyo kaya wala kayong dapat ikabahala.”*

Ikinuwento ng hari kay Jose ang panaginip niya at ipinaliwanag ito ni Jose, *“Sa loob ng pitong taon, magiging labis ang kasagaan sa buong Egipto. Pero susundan po agad ito ng pitong taon na matinding taggutom. Sigurado pong ganito ang mangyayari, kaya ipinaalam ito sa inyo ng Diyos.”* Natuwa ang hari kay Jose kaya ginawa niya itong gobernador sa buong Egipto - pangalawang pinakamataas na posisyon, sumunod lang sa hari!

Sa sumunod na pitong taon, naglakbay si Jose sa buong Egipto para siguraduhing maraming pagkain ang naiipon sa bawat lugar. Tatlumpung taon pa lang si Jose nang mga panahong iyon.

Lumipas na ang pitong taon at dumating ang taggutom na umabot sa buong mundo. Ang mga tao na mula pa sa iba't ibang bansa ay nagpupunta sa Egipto para bumili ng pagkain kay Jose.

Nang makita ni Israel na nauubusan na ng pagkain ang kanyang pamilya, ipinadala niya ang mga anak niya sa Egipto. Nang dumating ang magkakapatid para bumili ng pagkain, hindi nila nakilala si Jose at yumukod sila sa kanya bilang paggalang. Naalala ni Jose ang panaginip niya noon na naging dahilan ng galit nila sa kanya. Hindi muna sinabi ni Jose sa kanila kung sino siya. Noong una nagkunwaring malupit si Jose sa kanyang mga kapatid, inakusahan pa silang mga espiya at ipinakulong.

Pero di nagtagal, pagkatapos ng ilang beses na pagkikita at dalawang beses na paglalakbay ng kanyang mga kapatid, di na siya nakatiis. Sinabi na niya sa kanila kung sino siya*, "Ako si Jose, ang kapatid n'yong pinagbili n'yo at dinala dito sa Egipto para maging alipin!"* Di makapagsalita ang mga kapatid niya - nagulat at natakot! Sino ba sa kanila ang mag-aakalang magkakatotoo nga ang mga panaginip ng kapatid nila? Natakot sila na baka gantihan sila ni Jose.

Pero naging mabuti si Jose sa pagsasalita sa kanila, *"Wag kayong mag-alala. Hindi ko kayo sinisisi sa nangyari sa akin. Gumawa ang Diyos para ang masamang ginawa n'yo sa akin ay maging para sa ikabubuti. Siya ang naglagay sa akin sa posisyong ito para mailigtas ang buhay ng maraming tao. Ngayon ako ang bahala sa inyo. Susustentuhan ko kayo ng pagkain pati ang mga anak n'yo."*

Nang marinig ng hari na dumating ang mga kapatid ni Jose, inimbitahan niya si Israel at ang kanyang buong pamilya na sa Egipto na tumira. Ibinigay niya sa kanila ang pinakamagandang lupa para sa kanila, maraming pagkain, at mga bagong damit! Buong pamilya ni Israel ay lumipat sa Egipto, nakaligtas sa taggutom at siyang-siya sa mga pagpapalang ibinigay ng Diyos sa kanila sa pamamagitan ni Jose.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento...



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang matututunan natin tungkol sa mga kapatid ni Jose? Bakit galit sila kay Jose?

2. Ano ang matututunan natin tungkol kay Jose?

3. Anu-ano ang masamang nangyari sa kanya? Paano siya tumugon sa mga ito?

4. Paano makikita sa kuwento ang pagkilos ng Diyos sa buhay ni Jose?


5. Paano n'yo nakita dito na ipinagpapatuloy ng Diyos na tuparin ang mga nauna na niyang ipinangako kina Abraham, Isaac at Jacob?

6. Anong itinuturo ng eksenang ito tungkol sa Diyos?

7. Saan-saan mo nakitang gumawa ang Diyos sa isang masamang pangyayari para ito ay maging sa ikabubuti (sa mga nagdaang bahagi ng Kuwento o sa kuwento ng buhay mo)?

8. Karaniwang pagkakilala natin kay Jose ay isang mabuting tao. Pero hindi siya perpekto. Merong nag-iisang perpektong Tao na namuhay na walang ginawang masama kahit isa, pero sinapit niya ang pinakamasamang gawa ng mga tao nang siya'y ipako sa krus. Ayon sa **Gawa 3:22-23** at **4:26-28**, paano mo makikita ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos (sovereignty) sa karumal-dumal na sinapit ni Jesus?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Kahit na mabuti ang ginagawa natin, puwede pa ring masama ang mangyari sa atin. Nabubuhay tayo sa mundong puno ng kasamaan.

✓ Ginagamit ng Diyos kahit ang mga masasamang ginawa sa atin o ginawa natin para matupad ang mabuti niyang layunin – para sa ikabubuti natin, para sa ikabubuti ng ibang tao, at para sa higit pa niyang karangalan.

- ✓ Walang makahahadlang sa mabuting layunin ng Diyos para matupad ang pangako niya – kahit ang kasamaan ng tao ay di makahahadlang sa plano ng Diyos.
- ✓ Ang pinakamalinaw na demonstrasyon ng kapangyarihang ito ng Diyos na gamitin ang masama para sa ikabubuti ng marami ay makikita sa pagpatay sa Panginoong Jesus na siyang naging paraan ng kaligtasan ng marami.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 37; 39; 41-42:25; 44-45; 47**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Genesis 50:20**, "Totoong nagplano kayo ng masama sa akin, pero plinano na ng Diyos na magdulot iyon ng kabutihan na siyang nagligtas ng marami sa inyo sa taggutom" (ASD); at **Roma 8:28**, "Alam natin na sa lahat ng bagay, gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya, na kanyang tinawag ayon sa kanyang layunin" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Turns Bad Things into Good" sa http://bit.ly/04joseph.

# Chapter 9 – The Promise of Kings (Judah)

Story from **Genesis 29, 37-38, 44-49**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Si Juda ang pang-apat na anak na lalaki ni Jacob kay Leah. Pinangalanan siyang Juda dahil pagkapanganak sa kanya ay sinabi ni Lea, *"Ngayon, pupurihin ko ang Panginoon."*

Dahil sa inggit at galit nila sa kapatid nilang si Jose na paborito ng kanilang ama, si Juda at ang kanyang mga kapatid ay nagsabwatan para patayin siya. Pero itong si Juda ang nagsabing 'wag na lang siyang patayin, *"Ano ba ang mapapala natin kung papatayin natin siya? Ipagbili na lang natin siya sa mga Ishmaelitang dadaan."* Kaya ipinagbili nila si Jose.

Pagkatapos maibenta si Jose, humiwalay siya sa mga kapatid niya at tumira sa Adulam, at doon siya nakapangasawa ng isang taga-Canaan. Naging anak niya sina Er, Onan, at Shela. Napangasawa ng panganay niyang si Er si Tamar. Pero dahil sa kasamaan ni Er, pinatay agad siya ng Diyos. Kaya sabi ni Juda sa sumunod niyang anak na si Onan, *"Pakasalan mo ang hipag mo dahil tungkulin mo iyan sa namatay mong kapatid, para magkaanak siya sa iyo."*

Dahil sa pagkamakasarili ni Onan ay di sila nagkaanak ni Tamar, kaya pinatay din siya agad ng Diyos. Dahil sa takot ni Juda sa mga nangyari sa dalawa niyang anak, pinauwi muna niya si Tamar sa bahay ng magulang niya, *"Umuwi ka muna at bumalik na lang dito kapag binata na si Shela."*

Di nagtagal, namatay na rin ang asawa ni Juda. Nagbinata na si Shela ngunit di pa rin binibigay ni Juda si Shela para kay Tamar. Dahil dito, nagbalak ng masama si Tamar. Nagpanggap siyang isang babaeng bayaran, at nang makita siya ni Juda di niya ito nakilala.

Lumapit si Juda sa kanya, at dahil sa akalang babaeng bayaran siya, sabi niya, *"Halika, sumama ka sa akin."* Tanong naman ni Tamar, *"Ano naman ang ibabayad mo sa akin?"* Sagot ni Juda, *"Bibigyan kita ng isang kambing."*

Sabi ni Tamar, *"Para sigurado, ibigay mo munang garantiya ang ginagamit mong pantatak, panali at pati ang iyong tungkod."* Ibinigay naman ito ni Juda sa kanya. Dahil sa nangyari, nabuntis si Tamar, na manugang ni Juda.

Pagkalipas ng tatlong buwan, may nagbalita kay Juda*, “Ang manugang n’yo pong si Tamar ay nagbebenta ng dangal at nabuntis.”* Galit na sinabi ni Juda, *“Dalhin n’yo siya sa labas ng lungsod at sunugin.”*

Nang dadalhin na si Tamar sa labas, sabi niya, *“Ang may-ari ng pantatak, panali at tungkod na ito ang siyang ama ng dinadala kong sanggol.”* Nakita ni Juda na sa kanya iyon, kaya ang sabi niya, *“Wala siyang kasalanan. Ako ang nagkasala dahil hindi ko pinayagang mapangasawa niya ang anak kong si Shela.”*

Si Tamar ay nagkaanak ng kambal sa biyenan niyang si Juda - sina Perez at Zera...

Pagkatapos ng halos 20 taon, nagkaroon ng malaking taggutom sa Canaan. Nabalitaan ni Juda at ng kanyang mga kapatid na may pagkain sa Egipto kaya pumunta sila roon para bumili. Noong una, hindi pa nila alam na si Jose pala ang naging gobernador sa bansang iyon.

Kaya nang pagbintangan ni Jose ang mga kapatid niya na mga espiya at magnanakaw, at dahil doon ay pinaiwan ang bunso nilang si Benjamin para ikulong, nagmakaawa si Juda kay Jose*, “Kung uuwi kami na hindi siya kasama, tiyak na mamamatay sa sobrang lungkot ang aming ama...Kaya Mahal na Gobernador, ako na lang po ang magpapaiwan dito bilang alipin ninyo, at payagan n’yo na lang po siyang makauwi kasama ng mga kapatid niya. Hindi po ako puwedeng umuwi nang hindi kasama ang anak niya. Hindi ko po kayang tiisin na makita ang masamang mangyayari sa aming ama.”*

Hindi na napigilan ni Jose ang kanyang pag-iyak kaya nagpakilala na siya sa kanyang mga kapatid. Nabalitaan ito ni Jacob kaya sinundo siya ng mga kapatid ni Jose at lumipat ng tirahan ang kanilang pamilya sa Egipto.

Nang mamamatay na si Jacob, binasbasan niya ang kanyang mga anak. Ganito ang sabi niya kay Juda: *“Ikaw, Juda, pupurihin ka at igagalang ng iyong mga kapatid. Tatalunin mo ang iyong mga kalaban. Katulad ka ng batang leon na matapos hanapin ang sisilain ay bumabalik sa kanyang lungga at doon magpapahinga. Patuloy kang mamumuno, Juda. Magmumula sa mga lahi mo ang magiging mga pinuno. Kaya magbibigay ng buwis sa iyo ang mga bansa at susunod sila sa iyo.”*

Pagkatapos, nanalangin si Israel, *“O Panginoon, naghihintay po ako sa inyong pagliligtas.”* Bago siya mamatay ay ibinilin niyang ilibing siya kasama nina Abraham at Isaac sa Canaan, sa lupang ipinangako ng Diyos na magiging kanila magpakailanman.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang malaking kaibahan ni Jose (sa nakaraang kuwento) sa kanyang kapatid na si Juda? Mas katulad kaya tayo ni Jose o ni Juda?

2. Ano ang napansin ninyong naging malaking pagbabago sa karakter ni Juda sa huling bahagi ng eksenang ito?

3. Ano sa tingin ninyo ang ginagawa ng Diyos sa loob ng mahigit na 20 taon sa buhay ni Juda?

4. Ano ang basbas ni Jacob kay Juda? [*"Ikaw, Juda, pupurihin ka at igagalang ng iyong mga kapatid…"*] Karapat-dapat ba siyang tumanggap ng ganitong posisyon? Ano ang masasabi natin tungkol sa Diyos dito?

5. Anu-anong masamang ginawa ng tao sa mga nakaraang bahagi ng Kuwento ang nakita n'yong ginamit na ng Diyos para matupad ang kanyang mabuting layunin?

6. Patunayang hindi totoo ang karma.


7. Alalahanin mo ang masasamang bagay na nagawa mo…Ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos kung bakit nangyari ang mga ito at ano ang gusto niyang gawin mo ngayon?

8. Ano ang sinabi ni Israel sa kanyang panalangin pagkatapos silang basbasan? [*"Naghihintay po ako sa inyong pagliligtas."*] Ano ang kahalagahan nito para sa atin?

9. Paanong ang ginawa ng Diyos sa buhay ni Juda ay bahagi ng malaking plano niya para iligtas ang mga makasalanang katulad natin? Tingnan ang **Genesis 49:10, 18** at **Mateo 1:1-3**.

10. Tulad ni Pablo sa sinabi niya sa **1 Timoteo 1:12-17**, tayo rin ay tumanggap ng habag at awa ng Diyos kaya tayo'y naligtas. Ano ang dapat nating maging tugon dito?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Kahit na tayo'y mga anak na ng Diyos, nakagagawa pa rin tayo ng kasalanan.
- ✓ Pinagpapala ng Diyos kahit mga taong di dapat tumanggap ng pagpapala niya. Ito ang ibig sabihin ng "grace."
- ✓ Ginagamit ng Diyos kahit mga taong di karapat-dapat para matupad ang mabuti niyang layunin, ang mailigtas pa ang maraming makasalanan.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Genesis 38; 49-50**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Timoteo 1:14-15**, "Sadyang napakalaki ng biyayang ipinagkaloob sa akin ng ating Panginoon, pati na ang pag-ibig at pananampalataya, na napasaatin dahil kay Cristo Jesus. [15] Narito ang katotohanang dapat tanggapin at paniwalaan ng lahat: naparito si Cristo Jesus sa mundo para iligtas ang mga makasalanan. At ako ang pinakamakasalanan sa lahat" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Turns Bad Things into Good" sa http://bit.ly/04joseph.

# Chapter 10 – Suffering (Job)

Story from **Job 1:1–2:10**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Si Job, na taga-Uz, ay isang lalaking may magandang relasyon sa Diyos, sumusunod sa kanya at umiiwas sa kasalanan. Pinagpala siya ng Diyos at binigyan ng asawa, sampung anak, maraming tauhan, 7,000 tupa, 3,000 kamelyo, 500 pares ng baka, at 500 asno. Palagi siyang naghahandog sa Diyos at nananalangin para sa kanyang pamilya.

Isang araw, lumapit ang mga anghel sa harapan ng Diyos at sumama sa kanila si Satanas. Sinabi sa kanya ng Diyos, *"Napansin mo ba ang lingkod kong si Job? Wala siyang katulad sa mga tao sa buong mundo dahil may malapit siyang relasyon sa akin at may malinis na pamumuhay."*

Sagot ni Satanas, *"Kaya lang naman siya ganyan kasi pinagpapala mo siya at iniingatan. Subukan mong kunin ang lahat ng kanyang kayamanan at sigurado akong itatakwil ka niya."*

Sabi ng Diyos, *"Sige, tingnan natin, kunin mo ang lahat ng nasa kanya, basta 'wag mo lang siyang sasaktan."*

Isang araw, may nagbalita kay Job, *"Ninakaw po ang inyong mga baka at asno at pinatay ang mga tauhan n'yo!"*

Di pa tapos magsalita ang tauhan ni Job, may sumunod na naman at sabi, *"May bumagsak pong apoy mula sa langit at natupok ang mga tupa n'yo kasama ang mga nag-aalaga!"*

May isa pang dumating at sabi, *"Tinangay po ang mga kamelyo n'yo at pinatay pati mga tauhan n'yo!"*

May dumating pa at sabi, *"Habang nagkakasiyahan po ang mga anak n'yo sa bahay ay bumagsak ang bahay at namatay silang lahat!"*

Malungkot na malungkot si Job sa mga narinig niyang balita. Umiyak siya at lumuhod at sinabi, *"Ipinanganak akong walang dala, mamamatay din akong walang-wala. Ang Diyos ang nagbigay, siya din ang kukuha. Purihin ang kanyang pangalan!"*

Sinabi ng Diyos kay Satanas, *“Nakita mo na, tapat pa rin si Job sa akin kahit na nawala ang lahat sa kanya.”*

Sagot ni Satanas, *“Kung siya naman ang saktan mo, siguradong tatalikuran ka na niya.”*

Sabi ng Diyos, *“Sige, gawin mo ang gusto mo, basta ‘wag mo lang siyang papatayin.”*

Umalis si Satanas, at sinaktan si Job sa pamamagitan ng mga pigsa mula ulo hanggang paa.

Nakakadiri at masakit ang naging kalagayan ni Job, kaya sinabi ng asawa niya, *“Tapat ka pa rin sa Diyos? Sumpain mo na siya at nang mamatay ka na!”*

Sagot ni Job, *“Bakit? Mabubuting bagay lang ba ang tatanggapin natin sa Diyos at hindi ang masasama?”*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Paano mo isasalarawan ang relasyon ni Job sa Diyos? Anong klaseng buhay meron siya bago dumating ang paghihirap sa kanya?

2. Ano ang kahanga-hanga sa naging tugon ni Job sa masamang balitang narinig niya?

3. Kung ikaw si Job, ano ang magiging reaksiyon mo sa mga masasamang balitang narinig niya?


4. Ayon sa mga sinabi niya, ano ang kinilala ni Job na sanhi ng kanyang paghihirap? Ang kasalanan ba niya? Si Satanas? O ang Diyos? Saan ito makikita sa kuwento?

5. Ano ang matututunan mo sa kuwentong ito tungkol kay Satanas – sa lawak ng kanyang kapangyarihan at sa mga limitasyon niya?

6. Anong itinuturo sa iyo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos, lalo na kung may kinalaman sa mga paghihirap na nararanasan natin sa buhay?

7. Dahil sa ating pakikipag-isa sa dinanas ring paghihirap ng Panginoong Jesus, ano ang mapanghahawakan nating kumpiyansa sa Diyos sa panahon ng mga paghihirap natin? Tingnan ang **2 Corinto 1:5-7** at **Gawa 4:23-31**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Kahit na mabuti ang ginagawa natin, puwede pa ring masama ang mangyari sa atin.
- ✓ Bagamat pumasok ang paghihirap dahil sa kasalanan, hindi lahat ng paghihirap na nararanasan natin ay dahil sa kasalanang nagawa natin.
- ✓ Ang paghihirap ay ginagamit ng Diyos para hubugin tayong mga anak niya, at hindi para parusahan.
- ✓ Kahit si Satanas ay walang magagawa laban sa atin nang walang pahintulot ng Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Job 1:1–2:10**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Job 1:21**, Sinabi [ni Job], “Ipinanganak akong walang dala at mamamatay din akong walang dala. Ang PANGINOON ang nagbigay ng lahat na mayroon ako at ang PANGINOON din ang kumuha. Purihin ang pangalan ng PANGINOON” (ASD)!
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Shows Himself in Suffering” sa http://bit.ly/05job.

# Chapter 11 – Folly in Counseling (Job's Friends)

Story from **Job 2:11–31:40**

## Pakinggan mo ang kuwento…





[Puwede n'yong gawing "dramatization" o skit ang kuwentong ito. Humanap sa grupo ng apat para sa apat na karakter na sina Job at ang kanyang tatlong kaibigang sina Elifaz, Bildad at Zophar.]

Nabalitaan ng tatlong kaibigan ni Job ang nangyari. Kaya dinalaw siya nina Elifaz, Bildad at Zofar para aliwin. Naawa sila sa kalagayan ni Job kaya wala silang masabi at sinamahan lang nila si Job sa loob ng pitong araw. Pagkatapos nito, nagsimula nang dumaing si Job…

Job: *Isinusumpa ko ang araw na isinilang ako! Bakit ba hindi pa pinigilan ng Diyos ang pagsilang ko nang hindi ko na naranasan ang ganitong hirap? Mas mainam pa sigurong mamatay na lang ako. Di ako makakain, walang tigil ang nararamdaman kong sakit! Ito na nga ang kinatatakutan kong mangyari. Gusto ko nang magpahinga, ang gulu-gulo na ng buhay ko ngayon!*

Nagsimulang kausapin siya ng kanyang mga kaibigan…

Elifaz: *Dati ikaw ang nagbibigay ng payo sa mga naghihirap? Bakit ngayon, ikaw na ang nanghihina at nawawalan ng pag-asa? Isipin mo ngayon, may tao bang matuwid na ganyan ang sasapitin tulad mo? May tao bang malinis sa paningin ng Diyos na Manlilikha? Hindi ba't sa sarili ring kagagawan ng tao kaya dumarating ang kahirapan at kaguluhan? Ang Diyos ang nagtutuwid sa iyo, kaya kung ako sa iyo, lalapit ako sa Diyos. Makinig ka kasi naranasan na namin 'to.*

Job: *Alam n'yo ba kung bakit ako nakapagsalita nang ganoon? Hindi n'yo nga kayang timbangin ang bigat ng dinaranas ko ngayon. Hiling ko lang naman sa Diyos na patayin n'ya na ko para mawala nang lahat 'to. Kahit naman nagkaganito ako, di ko naman itinakwil ang mga salita niya. Kala ko dadamayan n'yo ko kasi mga kaibigan ko kayo, di pala kayo maaasahan. Tatahimik ako kung sasabihin n'yo sa akin kung ano ang nagawa kong mali at bakit ako nagkakaganito. Kung hindi, tigilan n'yo na ang paghusga sa akin, dahil wala naman akong nagawang kasalanan. Panginoon, bakit n'yo po ito ginawa sa akin? Ano po ba ang kasalanan ko sa inyo? Kung meron man, bakit di n'yo na lang ako patawarin at nang matapos na lahat ng ito?*

Bildad: *Kelan ka titigil ng pagsasalita nang walang kabuluhan? Makatarungan ang Diyos. Nagkasala laban sa kanya ang mga anak mo kaya pinarusahan sila. Tanungin mo ang mga matatanda. Sasabihin nilang ang halamang tubig ay di nabubuhay nang walang tubig. Ganoon din ang sasapitin ng mga taong tumatalikod sa Diyos. Pero ang matuwid, hindi itatakwil ng Diyos.*

Job: *Tama naman ang sabi mo, pero sino ang makapagpapatunay na wala siyang kasalanan sa Diyos? Sinong makikipagtalo sa Diyos at magtatagumpay? Marunong siya at makapangyarihan sa mga gawa niya, sino ang makapagrereklamo sa kanya? Ang magagawa ko lang naman ay magmakaawa. Panginoon, natutuwa ba kayo sa nangyayari sa akin? Alam n'yo naman ang buhay ko, pero sino ang magtatanggol sa akin? Bakit ginamit n'yo ang inyong kapangyarihan laban sa akin?*

Zofar: *Paano mo mapatutunayang wala kang kasalanan? Magsalita sana ang Diyos at sabihin ang mga di mo alam. Kaya mo bang unawain ang lahat-lahat tungkol sa Diyos? Kung magsisisi ka lang at lalapit sa Diyos, makakalimutan mo ang lahat ng paghihirap na nararanasan mo. Magkakaroon ng liwanag ng pag-asa sa buhay mo.*

Job: *Akala n'yo ba'y mas marunong pa kayo kaysa sa akin? Di n'yo ba naisip na ang mga taong lumalaban sa Diyos? Bakit sila pa ang maginhawa ang buhay? Walang silbing makipagtalo pa ako sa inyo. Para kayong mga doktor na walang silbi. Tumahimik na lang kaya kayo. Sa Diyos ko na lang ito idudulog. Kahit patayin pa niya ako, patuloy pa rin akong magtitiwala sa kanya. O Diyos ko, ang hiling ko lang naman ay tigilan n'yo na ang ginagawa n'yong pahirap sa akin. Kausapin n'yo naman ako at sagutin ang mga tanong ko. Maikli lang naman ang buhay naming mga tao, bakit ganito pa ang kailangang maranasan ko?*

Elifaz: *Mag-ingat ka sa mga sinasabi mo, at baka matisod pa ang iba sa mga salita mo. Bakit ka nagsasalita nang masama laban sa Diyos? Kaya mo bang mamuhay nang malinis sa paningin niya? Maghihirap habambuhay ang mga taong nagrerebelde sa Makapangyarihang Diyos. Di siya makakatakas. Kaibigan, ito ang payo namin sa iyo: magpasakop ka na sa Diyos at makipagkasundo ka sa kanya. Tiyak na pagpapalain ka niya ulit kung susunod ka sa kanya.*

Job: *Akala ko nandito kayo para aliwin ako, pero bakit lalo n'yo pa kong pinahihirapan? Ang payat ko na at nanghihina pa. Pinagtatawanan ako ng tao. Sinugatan ako ng Diyos. Tapat naman ako sa kanya, alam n'ya iyon, pero bakit nangyayari 'to? Sabi ng iba, 'wag daw akong mag-alala, may makikita rin akong liwanag. Pero wala naman, nagdidilim na nga ang mga paningin ko at malapit na akong mamatay.*

Bildad: *Hayan ka na naman, Job. Ayusin mo nga ang mga salita mo. Sinasaktan mo lang ang sarili mo dahil sa galit mo. Ang taong masasama tiyak na mamamatay, mawawalan sila ng tirahan, ng pamilya, ng mga kaibigan, dahil hindi sila kumikilala sa Diyos.*

Job: *Paulit-ulit n'yo lang akong iniinsulto. Akala n'yo ba'y matuwid kayo? Akala n'yo ba'y dahil sa kasalanan ko kaya nangyayari 'to? Ang Diyos ang may gawa nito sa akin! Ang Diyos! Umiiyak ako't humihingi ng tulong sa kanya. Di naman siya sumasagot. Nawala na ang lahat sa akin. Nilayuan na ako ng mga kaibigan ko. Pinagtatawanan ako ng mga bata. Nandidiri sila sa akin. Pero ito ang pag-asa ko: alam kong buhay ang Diyos na aking Tagapagligtas, siya ang magpapawalang-sala sa akin. Nasasabik akong mamatay kasi sa araw na iyon, makikita kong mukhaan ang Diyos.*

Zofar: *Sandali lang ang saya ng mga taong masama at di naniniwala sa Diyos. Sa paggawa nila ng masama ay binubusog nila ang sarili nila, pero bubusugin din sila ng Diyos ng kahirapan. Matitikman nila ang pait ng galit ng Diyos. Ipapakita niya sa lahat ang kasalanan nila.*

Job: *Hindi naman sa tao ang daing ko, kundi sa Diyos. Isipin nga ninyo, bakit humahaba ang buhay ng masasama? Bakit sila pa ang masagana ang buhay? Bakit sila pang tumatalikod sa Diyos ang parang pinagpapala niya at bakit di niya parusahan? Isipin n'yo nga ang sagot diyan! Paano n'yo ngayon mapapalubag ang loob ko? Hindi naman totoo ang mga sinasabi n'yo! Walang kuwenta! Alam ng Diyos ang mga daing ko sa kanya. Gusto ko nang malaman at maintindihan kung ano ang sasabihin niya. Pero malaya siya kung ano ang gusto niyang gawin, at walang makapipigil sa kanya. Pero bakit sa halip na liwanag ang makita ko, bakit puro kadiliman? Ang mga ginto nga mahirap hanapin sa minahan, paano pa kaya ang karunungang nanggagaling sa Diyos? Nasaan na ang Diyos ko?*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Sa kuwentong ito, maaaring hindi na ipaulit ang kuwento dahil sa haba ng dialogue ng mga karakter. Pero puwede pa ring tanungin ang grupo kung anu-ano ang mga natandaan nila sa usapan at ano ang dating sa kanila ng pag-uusap ng mga karakter.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Anu-ano ang makikita nating maling ginawa at sinabi ng kanyang mga kaibigan?

2. Paanong nagiging tulad din tayo ng mga kaibigan ni Job sa pagpapayo sa mga taong dumaranas ng mga kahirapan at pagsubok sa buhay?

3. Bakit sa tingin n'yo mali ang interpretasyon nila sa nangyari kay Job? Iugnay ang sagot sa naunang kuwento noong nakaraang linggo.


4. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos, lalo na sa panahong tayo'y dumaranas ng sakit at hirap? Tingnan ang **Job 19:25-27**.

5. Ano ang matututunan mo tungkol kay Job? Isalarawan ang klase ng relasyong meron siya sa Diyos. Tingnan ang **Job 13:15**.

6. Ganito rin ba ang pakikipag-usap mo sa Diyos sa panahon ng kahirapan? Paanong katulad ka ni Job? Paano namang iba ang reaksyon mo sa reaksyon ni Job?

7. Dahil sa pakikipag-isa natin sa Panginoong Jesus na siyang dumanas rin ng hirap alang-alang sa atin, anu-anong pangako ng Diyos ang mapanghahawakan natin sa oras ng kahirapan? Tingnan ang **Mateo 5:4** at **2 Corinto 1:3-5**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Bagamat pumasok ang paghihirap dahil sa kasalanan, hindi lahat ng paghihirap na nararanasan natin ay dahil sa kasalanang nagawa natin.
- ✓ Ang paghihirap ay ginagamit ng Diyos para hubugin tayo, hindi para parusahan.
- ✓ Sa pagtulong sa mga kapatid nating dumaraan sa mga pagsubok, mas mainam na makinig tayong mabuti kaysa salita nang salita; magbigay ng kaaliwan kaysa maghusga; at tulungan silang makinig sa sasabihin ng Diyos kaysa tayo ang gumawa ng solusyon sa problema nila.
- ✓ Dapat tayong magtiwala sa Diyos sa panahon ng kahirapan dahil sa kanya nanggagaling ang tunay na kaaliwan.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Job 3, 13, 19, 24, 28**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Job 19:25-27**, “Pero alam kong buhay ang aking Tagapagligtas at sa bandang huli darating siya rito sa lupa para ipagtanggol ako. Pagkaalis ko sa katawang ito at mabulok ang mga laman ko, makikita ko ang Diyos sa pamamagitan nitong mga mata ko. Mukhaan ko siyang makikita. Labis na akong nananabik na makita siya” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Shows Himself in Suffering” sa http://bit.ly/05job.

# Chapter 12 – Silence and Submission (Job and God)

Story from **Job 32-42**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nang wala nang masabi si Job at ang kanyang mga kaibigan, pinagsabihan sila ng mas nakababatang si Elihu, na kanina pa nakikinig sa usapan nila.

Elihu: *Oo nga't mas matanda kayo sa akin, pero ang karanasan at katandaan ay hindi garantiya ng karunungan. Ang Diyos na Makapangyarihan ang nagbibigay nito. Job, 'wag mong sabihing hindi sinasagot ng Diyos ang daing mo, ang totoo, paulit-ulit siyang nagsasalita, hindi lang siya pinapansin ng tao. Kaya tumahimik ka at makinig. Makatarungan ang Diyos at hindi siya gumagawa ng mali. Kung loloobin niyang kunin ang buhay ng isang tao, karapatan niya iyon. 'Wag mong masamain ang Diyos. Tama lahat ng ginagawa niya. Sa paghihirap tinuturuan tayo ng Diyos na makinig sa kanya. Kahit sa panahon ng bagyo at baha, may sinasabi pa rin ang Diyos. Di natin maunawaan ang kanyang kadakilaan kaya 'wag kang titigil sa pagpupuri sa kanya.*

Pagkatapos magsalita ang lahat, mula sa isang ipu-ipo ay sinagot ng Diyos si Job.

Diyos: *Ang mga sinabi mo'y nagpapatunay lang na di mo alam ang mga nangyayari. Humanda ka, tatanungin kita, sumagot ka kung kaya mo! Nasaan ka ng inilatag ko ang pundasyon ng mundo habang ang mga anghel ko ay sumisigaw sa tuwa? Sino ang nagsabi sa alon ng dagat na hanggang diyan ka lang? Sino ang nagpapasikat at nagpapalubog sa araw? Alam mo ba kung paano nabubuo ang ulan? Kaya mo bang hawakan ang mga bituin sa langit? Sino ba ang nagpapakain sa mga leon at mga kambing? Ikaw ba ang nagbigay ng lakas sa kabayo? Ikaw ba ang nagdisenyo sa ganda ng mga ibon? Ikaw ba ang nagturo sa lawin kung paano lumipad? Masasabi mo bang mali ako?*

Job: *Nahihiya po akong sumagot sa inyo. Tatahimik na lang po ako.*

Patuloy siyang kinausap ng Diyos at ipinakita sa kanya ang kanyang karunungan at kapangyarihang di maaabot ng tao. Kaya sumagot si Job…

Job: *Alam ko pong magagawa n'yo ang lahat at walang makapipigil sa inyo. Inaamin ko pang nakapagsalita ako ng mga bagay na di ko naman lubos na naiintindihan. Noon ay narinig ko lang ang tungkol sa inyo pero ngayon ay nakita ko na kayo. Nahihiya ako sa lahat ng sinabi ko tungkol sa inyo. Nagsisisi po ako at nagpapakumbaba sa harap n'yo.*

Pagkatapos ng mga ito, pinagalitan ng Diyos ang tatlong kaibigan ni Job dahil hindi sila nagsalita ng buong katotohanan tungkol sa Diyos, di tulad ng ginawa ni Job. Sinabihan sila ng Diyos na maghandog para maipanalangin sila ni Job at mapatawad ng Diyos. Ipinanalangin nga sila ni Job at sinagot naman ng Diyos ang kanyang panalangin. Muli siyang pinagpala ng Diyos at binigyan pa ng doble ng kanyang kayamanan noon. Nagkaroon ulit siya ng malaki at masayang pamilya, nabuhay nang 140 taon pa at nakita pa ang kanyang mga anak at mga apo bago mamatay.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento...



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento...



1. Ano ang sinabi ng Diyos kay Job? Bakit mahalagang tandaan ito kapag naghihirap tayo?

2. Ano ang tugon ni Job sa mga sinabi ng Diyos?

3. Ano ang ipinapakita ng Diyos sa dulo ng kuwento tungkol sa layunin niya sa mga paghihirap na nararanasan natin? Maaari ring tingnan ang **Juan 9:2-3**.


4. Anong itinuturo sa iyo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?

5. Ayon sa **1 Pedro 2:21-25**, ano ang koneksiyon ng mga paghihirap na dinanas ng Panginoong Jesus sa mga paghihirap na nararanasan natin ngayon?

6. Anong problema o paghihirap ang nararanasan mo ngayon at nagtatanong ka sa Diyos kung bakit nangyayari o kung kelan matatapos? Sa kuwentong ito, ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin mong tugon?

7. Ano ang mga pangako ng Diyos na kinasasabikan mong matupad at panghahawakan mo sa panahong dumaranas ka ng kahirapan?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Nagpapakilala ang Diyos kung sino siya sa atin sa panahon ng kahirapan.
- ✓ Mas maririnig natin ang boses ng Diyos at mararamdaman ang presensiya niya sa panahon ng kahirapan kaysa sa panahon ng kaginhawaan.
- ✓ Nais ng Diyos na makinig tayo sa kanya, at magpasakop sa kanyang mabuting kalooban, kahit sa tingin natin ay masama ang nangyayari.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Job 38:1–40:5; 42:1-17**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Job 42:2, 5**, “Alam ko pong magagawa n’yo ang lahat ng bagay, at walang sinumang makapipigil sa inyo…Noon ay narinig ko lang po sa iba ang tungkol sa inyo, pero ngayon ay nakita ko na kayo” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Shows Himself in Suffering” sa http://bit.ly/05job.

# Chapter 13 – Slavery (Moses and the Burning Bush)

Story from **Exodus 1-6**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nang lumipat ang pamilya ni Jacob (Israel) sa Egipto, pinagpala sila ng Diyos at dumami nang dumami ang lahi nila. Nang mamatay na si Jose, nabahala ang bagong hari ng Egipto (tinatawag na Faraon) dahil dumadami na ang Israelita. Kaya pinahirapan niya sila at ginawang mga alipin.

Sa kabila noon, lalo pa rin silang dumami. Kaya para mapigilan ang pagdami, iniutos ng hari na patayin ang mga bagong silang na lalaki. Kahit namatay na ang hari patuloy pa rin ang paghihirap ng mga Israelita sa kanilang pagkaalipin. Humingi sila ng tulong sa Diyos. Narinig ng Diyos ang kanilang hinaing, at inalala niya ang kanyang kasunduan kina Abraham, Isaac at Jacob. Nakita ng Diyos ang kalagayan nila at naawa ang Diyos sa kanila.

Nang iniutos ng hari na ipapatay ang mga ipapanganak na lalaking Israelita, iniligtas ng Diyos ang isang lalaking sanggol, pinalaki ng isa sa mga anak babae ng hari, at pinangalanang Moises. Nang 40 taon na si Moises, pinag-initan siya ng Faraon at tinangkang patayin. Tumakas si Moises papuntang Midian at doon nakapag-asawa at nagkapamilya. Habang binabantayan niya ang mga hayop ng biyenan niya, nakarating siya sa Bundok ng Horeb (na tinatawag ding Sinai) at napansin niyang umaapoy ang isang maliit na puno pero di naman nasusunog.

Nang lapitan niya ito, nagsalita ang Diyos, *"Moises, Moises!" "Narito po ako,"* sagot naman ni Moises. Sabi ng Diyos, *"Nakita ko ang pang-aalipin na ginagawa ng mga Egipcio sa mga Israelita. Narinig ko din ang paghingi nila ng tulong sa akin. Kaya ipapadala kita sa Faraon para palayain sila."*

Takot na nagtanong ni Moises, *"Sino po ba ako para gawin iyon?"* Sagot ng Diyos, *"Sasamahan kita, at ito ang magiging tanda na ako ang nagpadala sa iyo: Kapag nakalaya na kayo, sasambahin n'yo ako dito mismo sa bundok na 'to."*

Tanong ulit ni Moises, *"Kung magtanong po sila kung ano ang pangalan n'yo, ano pong isasagot ko."* Sagot ng Diyos, *"Ako ay si Ako Nga. Sabihin mo sa kanila: 'Si Yahweh, si Ako Nga, ang Diyos ng inyong mga ninuno na sina Abraham, Isaac, at Jacob, ang nagpadala sa akin sa inyo.' Kikilalanin ako sa pangalang Yahweh magpakailanman."*

Tanong ulit ni Moises, *“Paano po kung hindi sila maniwala sa akin?”* Sagot ng Diyos, *“Dalhin mo ang baston mo at sa pamamagitan niyan ay gagawa ka ng mga himalang ipapagawa ko sa iyo para maniwala sila na akong si Yahweh ang nagpadala sa iyo para palayain sila at sumamba sa akin.”*

Tugon ulit ni Moises*, “Hindi po ako magaling magsalita. Puwede po bang iba na lang ang ipadala n’yo, ‘wag na lang ako.”* Nagalit na ang Diyos at sinabi, *“Sino ba ang maygawa ng bibig ng tao? Hindi ba akong si Yahweh? Tutulungan kita at ituturo ko sa iyo ang mga dapat mong sabihin. Makakasama mo ang kapatid mong si Aaron para siyang maging tagapagsalita mo.”*

Ayon sa sinabi ng Diyos, bumalik si Moises kasama ang kanyang pamilya sa Egipto. Kasama si Aaron, tinipon nila ang mga pinuno ng Israel at sinabi ni Aaron sa kanila ang lahat ng sinabi ng Diyos kay Moises. Ginawa ni Moises ang mga himala sa harap ng mga tao, at naniwala sila. Nang malaman nilang nagmamalasakit ang Diyos sa kanila at nakita niya ang paghihirap nila, lumuhod sila at sumamba sa Diyos.

Nang pumunta na sina Moises at Aaron sa Faraon, sabi nila*, “Pinapasabi ni Yahweh, ang Diyos ng Israel, ‘Payagan mong umalis ang bayan ko para sumamba sa akin.’”* Sinabi ng Faraon, *“Sino bang Yahweh na iyan? Hindi ko siya kilala at hindi ko paaalisin ang mga Israelita!”*

Dahil sa galit ng Faraon, lalo niyang pinabigat ang trabaho ng mga Israelita. Kaya nagalit sila kay Moises at Aaron, *“Ano ba ‘tong ginawa n’yo? Dahil sa inyo lalo kaming pinapahirapan, kulang na lang patayin kami!”*

Dumulog si Moises sa Diyos, *“O Diyos, bakit n’yo pa ‘ko isinugo sa kanila kung lalala lang naman pala ang kalagayan nila?”* Sagot ng Diyos, *“Makikita mo ngayon kung ano ang gagawin ko. Makikita ng Faraon ang kapangyarihan ko. Patitigasin ko ang puso niya, at sa pagmamatigas niya, lalo pa niyang makikita ang kapangyarihan ko. Narinig ko ang daing ng aking bayan. Palalayain ko sila mula sa pagkaalipin. Makikilala n’yo na ako si Yahweh ang nagligtas sa inyo. Dadalhin ko kayo sa lupang ipinangako ko. Ako si Yahweh!”* Sinabi ito ni Moises sa mga Israelita pero hindi sila naniwala sa kanya dahil nawalan na sila ng pag-asa sa sobrang pagpapahirap na ginagawa sa kanila.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Kung naalipin ang mga Israelita sa Egipto sa loob ng mahigit 400 taon, ibig sabihin ba nitong nakalimot na ang Diyos sa mga pangako niya kay Abraham at sa mga lahi niya? Bakit sa tingin mo hinayaan ng Diyos ang 400 taon na alipin sila? Tingnan ang **Genesis 15:13-16**.

2. Ano ang naging tugon ni Moises nang tawagin siya ng Diyos? Bakit sa tingin mo ganoon ang naging reaksiyon niya?

3. Kung ikaw si Moises, ano ang magiging reaksiyon mo?

4. Anu-ano ang sinabi ng Diyos kay Moises para magkaroon siya ng lakas ng loob na sumunod?

5. Ano ang kahalagahan ng pangalang "Yahweh" (Ako Nga)? Paano ito magbibigay lakas ng loob kay Moises?


6. Ano ang matutunan natin tungkol sa Faraon? Paano kayang katulad din niya tayo?

7. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa Diyos?

8. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa tao?

9. Paanong ang Panginoong Jesus ay katulad din ni Moises? Paanong siya'y higit na mas dakila kaysa kay Moises? Tingnan ang **Hebreo 3:1-6**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Hindi nakakalimot ang Diyos sa pangako niya.
- ✓ Tumatawag ang Diyos ng mga tao para gamitin niya para sa kanyang layuning iligtas ang iba.
- ✓ Ipinapakilala ng Diyos na siya'y si Yahweh – makapangyarihan kung humatol at magligtas.

✓ Tayong lahat ay alipin ng kasalanan na magkakaroon lang ng kalayaan sa pamamagitan ni Cristo.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Exodo 1-3; 5:1-6:13**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Exodo 6:6**, “Ako ang Panginoon. Palalayain ko kayo sa pagkaalipin sa Egipto. Sa pamamagitan ng aking kapangyarihan, matinding parusa ang ibibigay ko sa mga Egipcio, at ililigtas ko kayo sa pagkaalipin” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Rescues Slaves” sa http://bit.ly/06exodus.

# Chapter 14 – Rescue (Moses)

Story from **Exodus 7-15**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Sinabi ng Diyos kay Moises, *"Matigas ang puso ng Faraon. Bukas pumunta ka sa kanya sa may Ilog Nilo. Sabihin mo sa kanya, 'Pinapasabi ni Yahweh na paalisin mo na't palayain ang mga Israelita para makasamba sila sa akin.' Pagkatapos, iunat mo ang bastong hawak mo sa may ilog at magiging dugo ang tubig nito."* Sinunod nga ni Moises ang salita ng Diyos at naging dugo nga ang mga tubig sa Egipto.

Sa kabila nito nagmatigas pa rin ang Faraon. Dahil doon, sunud-sunod na nakapangingilabot na salot ang ipinadala ng Diyos sa Egipto para patunayang siya lang ang makapangyarihang Diyos at wala nang iba. Pinuno niya ng mga palaka ang buong lupain. Pagkatapos nito ay nagpadala din siya ng maraming lamok at langaw.

Matigas pa rin ang Faraon at ayaw kilalanin ang Diyos, kaya nagpadala pa ang Diyos ng salot na pumatay sa mga alagang hayop ng mga Egipcio. Pinuno niya ng bukol ang katawan ng mga tao doon. Sinira ng Diyos ang kanilang mga tanim nang magpaulan siya ng mga yelo at magpadala ng balang.

Hinatulan ng Diyos ang buong bansa nang padilimin niya ang buong lupain. Sa lahat ng ito ay hindi naapektuhan ang mga Israelita dahil iniingatan sila ng Diyos.

Pinatigas pa rin ng Diyos ang puso ng Faraon at di pa niya pinapayagang umalis ang mga Israelita. Kaya nagpadala ang Diyos ng huling salot na papatay sa lahat ng panganay sa Egipto – tao man o hayop. Pero gumawa ang Diyos ng paraan para maligtas sa salot na ito ang mga Israelita.

Sinabi niya sa kanila, *"Bawat pamilya ay kumuha ng isang lalaking tupa na walang kapintasan. Ihahandog n'yo ito sa akin nang hindi binabali ang anumang buto nito. Pagkatapos, kukunin n'yo ang dugo nito at ipapahid sa hamba ng pinto ng bahay n'yo. Pagdating ng hatinggabi, dadaan ang anghel ko para parusahan ang buong Egipto. Kapag nakita ko na may nakapahid na dugo sa may pinto n'yo, lalampasan ng anghel ang bahay n'yo at maliligtas kayo sa parusa kung hindi kayo lalabas ng bahay. At paglabas n'yo sa Egipto, itong Pista ng Paglampas ng Anghel ang ipagdiriwang n'yo taun-taon para alalahanin ang pagliligtas na ginawa ko. Kapag nagtanong ang mga anak n'yo, sabihin n'yo sa kanila kung ano ang ibig sabihin nito."*

Dumating ang hatinggabi, dumating ang anghel ng Diyos at pinatay ang lahat ng panganay sa Egipto, pati ang panganay ng Faraon. Malakas na iyakan ang narinig sa bahay ng mga Egipcio. Pero naligtas ang mga nasa loob ng bahay ng mga Israelita na may nakapahid na dugo ng tupa sa pintuan.

Dahil sa nangyari, nagmamakaawa nang pinakiusapan ng mga Egipcio na umalis na ang mga Israelita. Dalawang milyong mga Israelita ang nakalaya na mula sa pagkakaalipin sa Egipto.  Nagsimula silang maglakbay tungo sa lupang ipinangako ng Diyos sa ninuno nilang si Abraham.

Sinamahan sila ng presensiya ng Diyos sa kanilang paglalakbay. Pero nang magbago ang isip ng Faraon, gusto niyang maghiganti kaya pinasunod niya ang mga tauhan niya para salakayin ang mga Israelita.

Nang malapit na ang mga Israelita sa dagat, natakot sila nang makita nilang aabutan sila ng mga Egipcio. Hinati ng Diyos ang dagat at nakatawid ang mga Israelita sa tuyong lupa. Nang subukang tumawid ng mga Egipcio sa dagat, pinaihip ng Diyos ang malakas na hangin at ibinalik ang tubig. Nalunod lahat ng mga Egipcio. Ngunit naligtas ang mga Israelita.

At nakita nila ang kapangyarihan ng Diyos kung paano siya lumaban para sa kanila. Dahil doon, nagtiwala sila sa Diyos, sumamba sa kanya at masayang-masayang umawit ng papuri sa Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang matutunan natin tungkol sa Faraon? Paano kayang katulad din niya tayo?

2. Bakit pinatigas ng Diyos ang puso ng Faraon? Nangyari ba ang gustong mangyari ng Diyos?

3. Anong itinuturo sa iyo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?

4. Ano ang dapat gawin ng mga Israelita para maligtas sila kapag dumating na ang Anghel na papatay sa mga panganay?

5. Anong itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa pagliligtas ng Diyos? Sa gawa ba ng tao? O sa biyaya lamang ng Diyos?


6. Ikumpara ang kuwentong ito sa ginawang pagliligtas ni Cristo. Basahin ang **Juan 1:29** at **1 Corinto 5:7**.

7. Ano ang naging tugon ng mga Israelita nang sila ay iligtas ng Diyos?

8. Anong pista ang gusto ng Diyos na ipagdiwang nila taun-taon? Bakit nila gagawin iyon? Ano ang kahalintulad nito sa atin ngayon? Basahin ang **1 Corinto 11:23-26**.

9. Anong gusto ng Diyos na gawin mo ngayon bilang tugon sa pagliligtas na ginawa para sa iyo?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ipinapakilala ng Diyos na siya’y si Yahweh – makapangyarihan kung humatol at magligtas.
- ✓ Tayong lahat ay alipin ng kasalanan na magkakaroon lang ng kalayaan sa pamamagitan ni Cristo.
- ✓ Ang kaligtasan ay hindi sa pamamagitan ng mabuting gawa kundi sa gawa lamang ng Diyos na tatanggapin natin kung magtitiwala tayo sa kanya.
- ✓ Ang nararapat na tugon sa kaligtasan ay patuloy na pagtitiwala at pagsamba sa Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Exodo 7:1-7; 12:1–14:31**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Exodo 7:5**, “Kapag naparusahan ko na ang mga Egipcio at napalabas na ang mga Israelita sa kanilang bansa, malalaman nilang ako ang PANGINOON” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Rescues Slaves” sa http://bit.ly/06exodus.

# Chapter 15 – Obedience (Law)

Story from **Exodus 15-16, 19-24**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkatapos ng mahigit 400 taong pagkaalipin sa Egipto, malaya na ang mga Israelita at nagsimulang maglakbay tungo sa lupang ipinangako ng Diyos sa kanila. Pero pagkaraan lang ng ilang linggo, nagreklamo ang lahat ng Israelita kay Moises, *"Mabuti pa sa Egipto, doon nakakakain kami ng karne at ng mga gusto naming makain. Dinala mo ba kami dito para patayin sa gutom?"*

Pero sa kabila noon, pinakita pa rin ng Diyos ang kanyang pagsama sa kanila sa pamamagitan ng pagpapaulan ng mga pagkain mula sa langit, tinapay sa umaga (na tinawag nilang "manna") at pugo sa gabi. Pinakain sila ng Diyos habang sila ay naglalakbay sa disyerto.

Pagdating ng mga Israelita sa Sinai, nagkampo sila sa paanan ng bundok. Tinawag ng Diyos si Moises na umakyat sa bundok at makipagkita sa kanya. Sabi ng Diyos, *"Ganito ang sabihin mo sa mga Israelita: Nakita n'yo mismo kung ano ang ginawa ko sa mga Egipcio, at kung paano ko kayo dinala rito sa akin, tulad ng pagdadala ng agila sa mga inakay niya sa pamamagitan ng kanyang pakpak. Kung susunod kayo sa kasunduang ibinigay ko, magiging para kayong isang kayamanang pagmamay-ari ko, isang kaharian ng mga paring maglilingkod sa akin, at isang banal na bansa."*

Sinabi ito ni Moises sa mga tao at sabay-sabay na sinabi nila, *"Susundin namin ang lahat ng sinabi ng Diyos."*

Nakita ng mga taong bumaba ang Diyos sa bundok, kumulog at kumidlat, at may makapal na ulap na tumakip sa bundok. Nanginig sa takot ang mga tao. Narinig nilang nagsalita ang Diyos:

> *"Ako si Yahweh na inyong Diyos, ang naglabas sa inyo sa pagkaalipin sa Egipto. Huwag kayong sasamba sa ibang Diyos.*
>
> *"Huwag kayong gagawa ng mga Diyos-Diyosan na anyo ng anumang bagay sa langit, o sa lupa o sa tubig, upang paglingkuran o sambahin. Kung gagawin n'yo iyon, parurusahan ko kayo pati na ang mga anak n'yo hanggang sa ika-apat na henerasyon ng*

*mga sumusuway sa akin. Pero sa lubos na susunod sa akin, ipapakita ko ang pagmamahal ko sa napakaraming henerasyon.*

*“Huwag ninyong gagamitin ang pangalan ko sa walang kabuluhan, para di ko kayo parusahan.*

*“Gawin n’yong Araw ng Pamamahinga ang ika-pitong araw at ilaan para sa pagsamba sa akin. Anim na araw lang kayong magtrabaho, dahil ginawa ko ang langit at lupa sa loob ng anim na araw at nagpahinga ako sa ika-pitong araw.*

*“Igalang ninyo ang inyong tatay at nanay para mabuhay kayo nang matagal sa lupaing ibibigay ko sa inyo. Sinumang manakit at sumumpa sa kanyang mga magulang ay dapat patayin.*

*“Huwag kayong papatay. Huwag kayong sisiping sa asawa ng iba. Huwag kayong magnanakaw. Huwag kayong magbabalita ng kasinungalingan. Huwag ninyong pagnanasahan ang asawa ng iba o alinmang pag-aari ng inyong kapwa.”*

Bukod sa mga ito, nagbigay pa ang Diyos ng mga tuntuning gagabay sa kanilang pamumuhay – sa kanilang relasyon sa kanya at sa kanilang relasyon sa isa’t isa – at sinabing, *“Sundin n’yong lahat ang utos ko sa inyo.”*

Sinulat itong lahat ni Moises sa Aklat ng Kasunduan. Nagtayo sila ng altar at naghandog sa Diyos ng isang toro. Kinuha ni Moises ang dugo nito at iwinisik sa altar. Kinuha niya ang Aklat ng Kasunduan at binasa sa mga tao. Sumagot sila, *“Susundin namin ang lahat ng sinabi ng Diyos.”* Kumuha ulit si Moises ng dugo at iwinisik sa mga tao at sinabi, *“Ito ang dugong nagpapatibay sa kasunduang ito.”*

Pagkatapos, pumunta sina Moises, Aaron at 72 pinuno ng Israel sa bundok at nakipagkita sa Diyos. Kumain sila at uminom doon kasama ang presensiya ng Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang naging reaksyon ng mga Israelita ilang araw paglabas ng Egipto? Ano ang pinapakita nito sa klase ng pagtitiwala nila sa Diyos?

2. Sa paanong paraan nakikita mong katulad din tayo nila?

3. Bago magbitiw ng utos ang Diyos, mayroon siyang palaging pinapaalala kung sino siya at ano ang ginawa niya: “Ako si Yahweh, ang inyong Diyos na naglabas sa inyo mula sa pagkaalipin sa Egipto.” Bakit ito mahalaga?

4. Basahin ang Sampung Utos. Bakit pinakamahalaga ang unang utos? Ano ang kinalaman ng iba pang utos sa utos na ito? Bakit ito ang pinakamahirap (imposible!) sundin?

5. Ano ang ipinagbabawal sa ika-2 utos? Sa anu-anong paraan lumalabag tayo dito?

6. Bakit sa tingin mo kamatayan ang parusa sa paglapastangan sa magulang?

7. Ano ang ipinagbabawal sa ika-10 utos? Bakit tinawag ito ni Pablo na “pagsamba sa Diyos-Diyosan” sa **Colosas 3:5**?

8. Masasabi mo bang ang paglabag sa bawat utos ng Diyos ay pagpapakita na pinapahalagahan natin ang ibang bagay nang higit sa kanya? Magbigay ng mga halimbawa.


9. Alin sa mga utos na narinig mo ang pinakamahirap para sa iyo na sundin? Ano ang nakikita mo ngayon sa puso mo na may kinalaman sa utos na ito?

10. Ano ang ginawa nila pagkatapos banggitin ni Moises ang mga utos ng Diyos? Ano ang kahalagahan nito?

11. Ayon sa interpretasyon ni Jesus sa Kautusan ng Diyos sa **Mateo 5:20-22, 27-28, 43-44, 48**, bakit imposibleng makapasok tayo sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan?

12. Kung imposible, paanong si Jesus ang solusyon? Basahin ang **Mateo 5:17-18** at **Roma 10:3-4**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Niligtas tayo ng Diyos para sumamba sa kanya at sumunod sa kanyang mga utos. Ito ang tunay na kalayaan.
- ✓ Niligtas tayo ng Diyos para magkaroon ng malapit na relasyon sa kanya.
- ✓ Hindi tayo makasusunod sa lahat ng utos ng Diyos (lalo na sa una sa Sampung Utos) sa sariling kakayahan natin.
- ✓ Kailangan natin si Jesus – ang kanyang perpektong pagsunod sa Diyos – para maging katanggap-tanggap sa Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Exodo 15:22–17:7; 19:1-6; 20:1-21; 24:1-18**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Exodo 20:1-3**, “Sinabi ng PANGINOON, ‘Ako, ang PANGINOON na inyong Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto kung saan kayo inalipin. Huwag kayong sasamba sa ibang mga Diyos maliban sa akin’” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Dwells with His People” sa http://bit.ly/07law.

# Chapter 16 – Worship (The Tabernacle)

Story from **Exodus 25-40**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Sinabi pa ng Diyos kay Moises, *"Ipagawa mo ako ng isang Toldang Sambahan (o tabernakulo) para sa akin kung saan titira akong kasama ninyo. Ipagawa mo ito at ang mga kagamitan nito ayon sa eksaktong tuntunin na sasabihin ko sa iyo. Maninirahan akong kasama ninyo at ako'y magiging Diyos ninyo. Malalaman n'yong inilabas ko kayo sa Egipto para manirahan akong kasama ninyo."*

Pagkatapos, ibinigay ng Diyos ang dalawang malalapad na bato na sinulatan ng kanyang mga utos, na isinulat mismo ng Diyos.

Nang mainip ang mga tao sa tagal ni Moises na bumaba ng bundok, gumawa sila ng Diyos-Diyosan, na pinangunahan ng kanyang kapatid na si Aaron. Inipon nila ang kanilang mga gintong alahas, tinunaw at ginawang hugis baka. Sinabi ng mga Israelita, *"Ito ang Diyos natin na naglabas sa atin sa Egipto!"*

Nang makita ni Aaron na nasiyahan ang mga tao, sinabi niya, *"Bukas magdiriwang tayo ng isang pista para kay Yahweh."* Ganoon nga ang ginawa nila kinabukasan, nag-alay ng handog, kumain, uminom at nagsaya sa pagsamba sa Diyos-Diyosan.

Matinding galit ang naramdaman ng Diyos sa nangyari kaya sabi niya kay Moises, *"Napakatigas ng ulo ng mga taong ito! Hayaan mong patayin ko silang lahat at ikaw na lang ang gagawin kong isang dakilang bansa!"*

Pero nakiusap si Moises, *"Panginoon, 'wag po. Hindi ba't sila ang inyong bayang inilabas ng Egipto dahil nangako kayo kina Abraham, Isaac at Jacob? Patawarin n'yo po sila."* Nakinig ang Diyos sa pakiusap ni Moises at hindi niya pinatay ang lahat ng Israelita.

Sabi ng Diyos, *"Pangunahan mo ang mga taong ito papunta sa lupang ipinangako ko, at sasamahan kayo ng anghel ko. Pero tandaan mong darating ang panahong paparusahan ko sila sa mga kasalanan nila. Sabihin mo rin sa kanilang hindi ko na sila sasamahan dahil matigas ang ulo nila at baka mapatay ko pa sila."*

Nakiusap ulit si Moises sa Diyos, na parang magkaibigan na nagkukuwentuhan at magkaharap, at sinabi, *"Kung hindi n'yo kami sasamahan, hindi na lang kami aalis dito. Paano malalaman ng iba na kami ang bayan n'yong kinalulugdan kung di n'yo kami*

*sasamahan? Turuan n’yo po ako kung ano ang gusto n’yo. Magpakilala kayo sa akin, at ipakita n’yong sasamahan n’yo kami.”*

Sumagot ang Diyos, *“Gagawin ko ang ipinapakiusap mo. Ipapakita ko sa iyo ang kabutihan ko. Ako si Yahweh. Kaaawaan ko ang gusto kong kaawaan at kahahabagan ang gusto kong kahabagan. Ipinapakita ko ang pagmamahal ko sa maraming tao, at pinapatawad ang mga kasalanan nila. Pero pinaparusahan ko ang mga nagpapatuloy sa kasalanan, pati na ang kanilang salinlahi hanggang sa ikaapat na henerasyon.”*

Pagkatapos silang patawarin at pagsabihan ulit ng Diyos, naghandog na ang mga tao ng mga kagamitang kailangan sa paggawa ng Toldang Sambahan. Sobra-sobra ang inihandog nila, at nagtulung-tulong para magawa ito. Ginawa nilang lahat ang iniutos ng Diyos kay Moises tungkol sa paggawa ng Toldang Sambahan. Nang makita ni Moises na ito’y gawa na, binasbasan niya ang mga tao. Pagkatapos na maitayo ito, binalot ang lugar na ito ng presensiya ng Diyos sa anyo ng isang ulap. Sa buong paglalakbay ng mga Israelita, sinamahan sila ng presensiya ng Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Para saan ang Toldang Sambahan? Ano ang pinapakita nito sa intensiyon ng Diyos para sa mga Israelita?

2. Ano ang reaksiyon mo kapag maririnig ang ganoong intensiyon ng Diyos para sa ating mga tao?

3. Ano naman ang naging tugon ng mga Israelita? Ganoon din ba ang gusto nila?

4. Ano ang naging tugon ng Diyos sa ginawa nilang kasalanan? Bakit siya nagalit?

5. Ano ang panalangin ni Moises? Ano ang ipinapakita nitong kaibahan sa karamihan ng mga Israelita?


6. Natupad ba sa bandang huli ng kuwento ang intensiyon ng Diyos na manirahan kasama ang mga Israelita?

7. Ano ang matututunan natin sa dalawang eksena sa kuwento ngayon tungkol sa tugon ng tao sa pagliligtas at kabutihan ng Diyos? Paano ito katulad din natin ngayon?

8. Ano ang matututunan naman natin tungkol sa Diyos?

9. Paano nagkaroon ng katuparan ngayon ang intensiyon ng Diyos na makasama tayo at makasama natin siya? Tingnan ang **Juan 1:14** (kay Jesus) at **1 Corinto 3:16; 6:19**; at **2 Corinto 6:16** (sa Banal na Espiritu).

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Nagpagawa ang Diyos ng Toldang Sambahan para manirahan kasama ang kanyang bayang pinili.
- ✓ Mabagal tayong magtiwala sa Diyos, kahit pa nakita na natin ang kapangyarihan niya at naranasan ang ginawa niyang pagliligtas.
- ✓ Ang pagsamba sa Diyos-Diyosan ay ang pagbibigay kahalagahan sa isang tao, bagay o gawain nang higit sa pagnanais na makasama at makilala ang Diyos.
- ✓ Natupad ang nais ng Diyos na manirahang kasama natin sa pamamagitan ni Jesus at ng Banal na Espiritung nasa atin. Sa pamamagitan nito, malaya na tayong makasasamba sa Diyos at mararanasan ang kanyang pagsama sa araw-araw.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Exodo 25:1-9; 32:1-35; 33:12–34:10; 40:1-38**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Exodo 34:6-7**, “Dumaan ang Panginoon sa harap ni Moises at sinabi, ‘Ako ang Panginoon, ang mahabagin at matulunging Diyos. Mapagmahal at matapat ako, at hindi madaling magalit. Ipinapakita ko ang pagmamahal ko sa maraming tao, at pinapatawad ko ang mga kasamaan nila, pagsuway at mga kasalanan. Pero pinaparusahan ko ang mga nagkakasala, pati na ang kanilang salinlahi hanggang sa ikatlo at ikaapat na henerasyon’” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Dwells with His People” sa http://bit.ly/07law.

# Chapter 17 – Atonement (Offerings and Sacrifices)

Story from **Leviticus 1-10, 16**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Tinawag ng Diyos si Moises sa loob ng Toldang Tipanan at inutusang sabihin sa Israel ang mga ito: *"Sinumang napag-alamang nagkasala siya laban sa Diyos ay dapat maghandog para bigyang karangalan ang Diyos. Kailangang niyang magdala ng baka, tupa, o kambing na walang kapintasan. Ipapatong niya ang kanyang kanang kamay sa ulo ng hayop, at ito'y tatanggapin ng Diyos upang matubos siya at patawarin ng Diyos sa kanyang mga kasalanan.*

*"Pagkatapos, kakatayin dapat ang hayop sa presensiya ng Diyos at iwiwisik ang dugo nito sa may altar. Susunugin ang hayop na ito at ang Handog na Sinusunog na ito ay isang mabangong samyo na makalulugod sa Diyos. Kinakailangang tiyakin ng mga pari na ang apoy sa altar ay patuloy na nagniningas at huwag itong pabayaang mamatay."*

Inutusan din ng Diyos si Moises na gawin sa loob ng pitong araw ang pagtatalaga o pag-oordina kay Aaron at sa mga anak niyang lalaki na maglilingkod bilang mga pari. Sila ang mamamagitan sa Diyos at sa tao para mapatawad ang mga kasalanan nila. Ginawa ngang lahat ni Moises ang ipinapagawa ng Diyos.

Sa ikawalong araw, pinangunahan nina Aaron at mga anak niyang lalaki ang paghahandog ayon sa utos ng Diyos kay Moises. Nagtipon ang mga Israelita sa harap ng Tolda at nagdala ng mga hayop para ihandog sa Diyos. Pagkatapos na ihandog ang mga ito, binasbasan ni Aaron ang mga tao. Ipinakita ng Diyos ang kanyang kapangyarihan sa mga tao sa pamamagitan ng apoy na sumunog sa mga handog na nasa altar. Nang ito'y makita ng mga tao, nagsigawan sila sa tuwa at pagkamangha, lumuhod at sinamba ang Diyos.

Isang araw, kumuha ang dalawang anak ni Aaron – sina Nadab at Abihu – ng baga at insenso at inihandog ito sa Diyos. Gumamit sila rito ng apoy na iba sa iniutos ng Diyos. Kaya nagpadala ang Diyos ng apoy at sinunog sila hanggang mamatay. Sinabi ni Moises kay Aaron, *"Iyan ang ibig sabihin ng Diyos nang sabihin n'yang, 'Dapat malaman ng mga pari na ako'y banal, at dapat akong ituring na banal ng lahat ng tao.'"*

Hindi makapagsalita si Aaron dahil sa nangyari. Sinabi ng Diyos sa kanya, *"Dapat mong malaman kung ano ang dapat ihandog sa akin at sa anong paraan. Kung hindi n'yo ito susundin, mamamatay kayo."*

Pagkatapos mamatay sina Nadab at Abihu, inutusan ng Diyos si Moises, *"Sabihin mo sa kapatid mong si Aaron na huwag siyang papasok sa loob ng Pinakabanal na Lugar (Most Holy Place) sa anumang oras na nais niya. Kapag ginawa niya ito, tiyak na mamamatay siya. Papasok lamang siya roon o sinumang magiging punong pari minsan sa isang taon – sa Araw ng Pagtubos (Day of Atonement). Bago siya pumasok tiyakin niyang malinis siya at nakapaghandog muna para sa sarili niyang kasalanan.*

*"Ang mga taga-Israel ay magbibigay sa kanya ng dalawang lalaking kambing. Ang isang kambing ay papatayin niya bilang handog sa paglilinis ng karumihan ng mga taga-Israel sa presensiya ng Diyos. Iwiwisik niya ang dugo nito sa Kahon ng Kasunduan (Ark of the Covenant). Ihaharap naman niya sa mga tao ang kambing na buhay pa. Ipapatong niya ang dalawang kamay niya sa ulo ng kambing at ipapahayag ang lahat ng mga kasalanan ng mga taga-Israel. Papakawalan ang kambing na ito sa may disyerto. Sa ganitong paraan malilipat sa kambing at dadalhin nito ang mga kasalanan ng mga taga-Israel palayo sa presensiya ng Diyos."*

Ito ang seremonya ng pagtubos sa kasalanan ng mga taga-Israel na ginagawa nila taun-taon hanggang dumating ang siyang tunay at minsanang tutubos sa lahat ng kanilang mga kasalanan.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang layunin ng Toldang Tipanan o Tabernacle na nakita natin sa nakaraang kuwento?

2. Bakit sa tingin mo hindi walang sinuman ang puwedeng pumasok sa Pinakabanal na Lugar (Most Holy Place) maliban sa Punong Pari minsan sa isang taon?

3. Ikumpara mo ang nangingibabaw na katangian ng Diyos sa tao. Ano ang malaking pagkakaiba? Saan-saang bahagi ng mga nakaraang kuwento nakita mo 'to?

4. Kung hindi makalalapit sa banal na Diyos ang mga taong makasalanan, ano ang ginawang paraan ng Diyos para makalapit ang mga Israelita? Ano ang makikita mo ditong katangian ng Diyos?

5. Ano ang layunin ng mga handog na iniaalay nila sa Diyos?

6. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng "pantubos"?

7. Ano ang naramdaman mo sa nangyari kay Nadab at Abihu? Ano ang tinuturo nito sa atin sa paglapit sa Diyos?

8. Ano para sa iyo ang pinakamahalagang malaman tungkol sa Araw ng Pagtubos (Day of Atonement)?


9. Bakit gumagamit ng dalawang kambing sa Araw ng Pagtubos? Bakit ito mahalaga?

10. May mga narinig ka ba sa kuwentong ito na nagpaalala sa iyo ng ibang bahagi ng mga nakaraang kuwento? Ano ang koneksiyon na nakita mo?

11. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?

12. Paanong tumutukoy ang kuwentong ito sa pagdating ni Jesus bilang Pantubos o Tagapagligtas natin? Basahin ang **Hebreo 10:1-14** at ikumpara ang pagkakaiba ng paghahandog ni Jesus ng kanyang sarili para sa atin sa paghahandog ng mga pari ng mga hayop noon.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Banal ang Diyos at makasalanan ang tao. Sinumang makasalanan ang lumapit sa kanya ay mamamatay.
- ✓ Gumawa ng Diyos na paraan para makalapit tayo sa kanya nang hindi namamatay.

- ✓ Sinumang lumapit sa Diyos sa paraang hindi niya sinabi o taliwas sa utos niya ay may naghihintay na kapahamakan.
- ✓ Ang paghahandog ng hayop ay hindi sapat para matubos ang ating mga kasalanan. Ito ay larawan lamang ng pagtubos na gagawin ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Leviticus 1; Lev. 6:8–7:10; Lev. 10; Lev. 16**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Leviticus 10:3**, “Iyan ang ibig sabihin ng Panginoon nang sabihin niya, ‘Dapat malaman ng mga pari na ako’y banal, at dapat akong parangalan ng lahat ng tao’” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Forms a Holy People” sa http://bit.ly/08sacrifices.

# Chapter 18 – Holiness (Laws on Holy Living)

Story from **Leviticus 11-15, 17-27**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkatapos ng mga utos ng Diyos tungkol sa paghahandog, inutusan pa ng Diyos sina Moises at Aaron na sabihin sa Israel kung anu-anong hayop ang malinis na puwedeng kainin at kung anu-ano naman ang marumi na hindi puwedeng kainin.

Sinabi ng Diyos, *"Huwag ninyong dudungisan ang inyong sarili sa pamamagitan ng pagkain ng alinman sa mga ito, dahil ako, si Yahweh, ang inyong Diyos. Ibukod ninyo ang inyong sarili para sa akin at kayo'y magpakabanal dahil ako'y banal. Ako si Yahweh na naglabas sa inyo mula sa Egipto para ako'y maging Diyos ninyo. Kaya dapat kayong mamuhay nang banal dahil ako'y banal."*

Bukod sa mga pagkain, ipinaalam din ng Diyos kung anu-anong bagay at gawain ang ituturing na marumi at anu-ano ang malinis. Binigyan niya ng babala ang mga taga-Israel tungkol dito para hindi sila mamatay kapag lumapit sila sa Tolda ng presensiya ng Diyos.

Dagdag pa ng Diyos, *"Ako si Yahweh na inyong Diyos. Hindi n'yo dapat tularan ang mga taga-Egipto kung saan kayo nanggaling, at ang mga taga-Canaan kung saan kayo titira. Dapat n'yong sundin ang mga utos at tuntuning ibinigay ko sa inyo para magkaroon kayo ng mabuting buhay.*

*"Huwag kayong sisiping sa kapwa lalaki o kapwa babae, o sa kamag-anak o sa hindi n'yo asawa. Huwag n'yong tularan ang kahalayan ng mga taong nauna sa inyo. Huwag n'yong dumihan ang inyong sarili sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahihiyan sa pangalan ko. Sinumang gagawa nito ay huwag na ninyong ituring na kababayan n'yo.*

*"Magpakabanal kayo dahil ako, si Yahweh na inyong Diyos, ay banal.*

*"Huwag n'yong sisimutin ang aanihin n'yo nasa gilid ng inyong bukirin, para may matira para sa mga mahihirap at mga dayuhan. Huwag n'yong lalamangan ang kapwa n'yo. Huwag n'yong ipagpaliban ang sahod ng mga manggagawa n'yo. Huwag kayong magtsitsismisan o gagawa ng anumang makakasira sa inyong kapwa. Huwag kayong gaganti o magtatanim ng galit sa inyong kapwa, kundi ibigin n'yo siya gaya ng inyong sarili.*

*"Huwag n'yong palalahian ang isang hayop sa ibang uri ng hayop. Huwag kayong magtatanim ng dalawang klase ng binhi sa iisang bukid. Huwag kayong magsusuot ng damit na yari sa dalawang klaseng tela.*

*“Ipakita n’yong kayo’y may takot sa akin sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ko. Magpakabanal kayo dahil ako ang humirang sa inyo mula sa ibang mga bansa para maging akin kayo. Igalang n’yo ang banal kong pangalan, at ako’y kilalanin n’yong banal.*

*“Linggu-linggo, tuwing ika-pitong araw, huwag kayong magtrabaho sa araw na iyon, magtipon kayo para sumamba dahil ito ang araw para ako’y inyong purihin. Ganito rin ang gawin n’yo sa mga pistang ituturo ko sa inyo kung paano ipagdiwang. Ilaan n’yo ang mga espesyal na araw na ito para sa akin.*

*“Maninirahan akong kasama ninyo at hindi ko kayo pababayaan. Ako’y magiging kasama ninyo, at patuloy akong magiging Diyos ninyo, at patuloy kayong magiging mga hinirang ko. Pinalaya ko na kayo, kaya patuloy kayong mamuhay nang may kabanalan.”*

Ito ang mga utos na ibinigay ng Diyos kay Moises doon sa bundok ng Sinai para sa mga Israelita.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ayon sa eksenang ito, paano mo isasalarawan ang buhay ng isang taong pinalaya na ng Diyos sa pagkaalipin?

2. Ano ang masasabi mo sa isang tao na sinasabing malaya na siya pero nagpapatuloy naman sa pamumuhay ayon sa sarili niyang kagustuhan?

3. Ang pagsunod ba sa mga utos ng Diyos ay paraan para tayo maligtas? Kung hindi, para saan ito?

4. Ayon sa mga sinabi ng Diyos, ano ang ibig sabihin ng “magpakabanal”?

5. Anu-anong dahilan ang narinig n’yong sinabi ng Diyos kung bakit dapat tayong mamuhay nang may kabanalan?

6. Lahat ba ng iniutos ng Diyos sa Israel ay dapat pa rin nating sundin hanggang ngayon? Magbigay ng halimbawa.

7. Kung hindi lahat, ano ang gustong sabihin sa atin ng Diyos tungkol sa mga utos na kagaya nito (tandaan ang sitwasyon ng mga Israelita na papasok sa lupain ng Canaan na pinaninirahan ng mga taong sumasamba sa mga Diyos-Diyosan)?

8. Ano ang kahalagahan ng Araw ng Pamamahinga (Sabbath) at mga pistang ipagdiriwang nila?

9. Bakit sa tingin mo ang dami-daming utos ang ibinigay ng Diyos na may kinalaman sa halos lahat ng bahagi ng buhay? Ano ang gustong iparating nito tungkol sa klase ng kabanalang gusto ng Diyos para sa atin?


10. Anu-anong utos ang narinig mo na medyo tinamaan ka? Bakit? Ano ang gustong sabihin sa iyo ng Diyos?

11. Sa anu-anong paraan nagiging katulad din tayo ng mga tao sa paligid natin na hindi banal ang pamumuhay? Magbigay ng mga halimbawa.

12. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa Diyos?

13. Paanong ang kuwentong ito ay naghahanda sa pagdating ng Panginoong Jesus? Basahin ang **2 Corinto 5:21**; **Hebreo 4:15**; **9:11-14**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang kabanalan natin ay may kinalaman sa pagiging bukod o hiwalay natin mula sa kasalanan at para sa Diyos at sa kanyang layunin.
- ✓ Nais ng Diyos na mamuhay tayo nang may kabanalan dahil siya ay banal, dahil sa pagliligtas na ginawa niya para sa atin at para maipakilala sa iba ang kabanalan ng Diyos.
- ✓ Walang sinumang tao ang namuhay nang may kabanalan, tanging si Jesus lamang.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…


- ☐ **Read.** Basahin ang **Leviticus 11, 19, 23**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Leviticus 11:45**, "Ako ang PANGINOON na naglabas sa inyo sa Egipto para ako'y maging Diyos ninyo. Kaya dapat kayong mamuhay nang banal dahil ako'y banal" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Forms a Holy People" sa http://bit.ly/08sacrifices.

# Chapter 19 – Complaints Part 1 (Wilderness)

Story from **Numbers 11-12**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Sa Sinai, ibinigay ng Diyos sa mga Israelita ang mga utos niya na dapat nilang sundin. Bago sila umalis ng kampo, ipinabilang ng Diyos sa kanila ang mga lalaking 20 taon pataas na kaya nang makipaglaban. Mahigit 600,000 lalaki ang nabilang nila. Hindi kasama dito ang galing sa lahi ni Levi, dahil sila ang inatasan ng Diyos na maglingkod sa Tolda.

Bago sila umalis binilinan din ng Diyos si Aaron na ganito ang sabihin sa pagbabasbas sa mga Israelita para maipakilala kung sino siya at pagpalain sila: *"Pagpalain sana kayo ni Yahweh. Ipakita sana ni Yahweh ang kanyang kabutihan at awa sa inyo. At malugod sana si Yahweh sa inyo at bigyan kayo ng mabuting kalagayan."*

Nang araw na maitayo ang Tolda, binalot ito ng ulap ng presensiya ng Diyos. Kapag gabi, ang ulap na ito ay parang nagliliyab na apoy. Habang nakabalot pa ang ulap, hindi muna sila aalis. Kapag pumaitaas na ang ulap saka pa lamang sila puwedeng umalis, at magkakampo sila kung saan ito titigil.

Pagkatapos ng halos isang taon na nagkampo sila sa Sinai, pumaitaas na ang ulap. Naghanda na sila at nagsimulang maglakbay.

Hindi pa sila nakakalayo, nagreklamo agad ang mga Israelita sa hirap na dinanas nila. Nagalit ang Diyos at nagpadala siya ng apoy na sumunog sa isang dulo ng kampo nila. Nanalangin si Moises sa Diyos at namatay ang apoy.

Pagkatapos nito, nareklamo na naman ang bawat pamilya, *"Wala naman tayong makaing karne dito. Buti pa sa Egipto, libre ang isda, may pipino, melon, sibuyas at bawang. Pero dito, puro mana lang ang kinakain natin."*

Matindi ang galit ng Diyos nang marinig niya 'to. Nabahala na rin si Moises at sinabi sa Diyos, *"Bakit n'yo po ba ko binigyan ng ganitong problema? Mga anak ko ba 'to? Bakit n'yo sinabi sa aking alagaan ko sila na parang yaya na karga-karga ang isang bata, at dalhin sila sa lupang ipinangako n'yo? Anong gagawin ko sa kanila? Hirap na hirap na ko. Masarap pa sigurong mamatay na lang."*

Sagot ng Diyos, *“‘Wag kang mag-alala, bibigyan kita ng mga taong tutulong sa iyo. Dahil nagreklamo kayo sa akin, bibigyan ko kayo bukas ng karne hanggang magsawa kayo at hindi na kayo makakain.”*

Tanong ni Moises, *“Saan naman po kami kukuha ng karneng kakasya sa dami ng tao rito?”* Sagot ng Diyos, *“May limitasyon ba ang kapangyarihan ko? Ngayon makikita mo kung mangyayari ba ang sinabi ko o hindi.”*

Totoo nga, nagpadala ang Diyos ng milyun-milyong mga pugo at ibinagsak sa kampo nila. Namulot ang bawat pamilya na di bababa sa tig-30 sako. Habang nginunguya nila ang karne, at hindi pa nalululon, nagpadala ang Diyos ng salot. Tinawag ang lugar na iyon na Kibrot Hatava, na ang ibig sabihin ay “libingan ng matatakaw.”

Kahit na si Moises ay walang katulad sa kanyang kababaang-loob, nakuha pa rin siyang siraan ng kanyang mga kapatid na sina Aaron at Mirian, *“Kay Moises lang ba nagsasalita si Yahweh? Nakikipag-usap din naman siya sa amin.”*

Pinagsabihan sila ng Diyos, *“Nakikipag-usap ako kay Moises nang harapan at malinaw, di tulad ng sa panaginip lang o pangitain. Bakit ang lakas ng loob n’yong magsalita laban sa kanya?”*

Nagalit ang Diyos sa kanila at tinubuan si Miriam ng malubhang sakit sa balat. Nagmakaawa si Aaron para sa kanyang kapatid. Hiniling ni Moises sa Diyos na pagalingin si Miriam, at dininig naman ito ng Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang basbas na nais ng Diyos na sabihin ni Aaron sa mga Israelita (**Bilang 6:24-26**)? Ano ang ipinapakita nito sa puso at hangarin ng Diyos para sa Israel?

2. Anu-ano ang inirereklamo ng mga tao sa kuwentong ito? Ano ang ipinapakita nito sa kalagayan ng puso nila? Paanong tayo rin ay katulad nila?

3. Anu-ano ang naging tugon ng Diyos sa mga pagrereklamo nila? Ano ang matutunan natin tungkol sa Diyos sa mga pangyayaring ito?


4. Bakit ganitong magparusa ang Diyos? Ano ang sinasabi nito sa bigat ng mga kasalanan natin laban sa kanya?

5. Ano ang ginampanan ni Moises sa kuwentong ito? Ano ang nakita n'yong magandang katangian niya? Ano naman ang nakita n'yong mga pagkukulang din niya?

6. Paanong si Moises bilang tagapamagitan para sa Israel at sa Diyos ay tumutukoy kay Jesus bilang ating tunay at perpektong Tagapamagitan? Basahin ang **Juan 1:17-18**; **1 Timoteo 2:5**; at **Lucas 23:34**.

7. Dahil sa ginawa ni Jesus para sa atin, paano mo isasalarawan ang pagtrato ngayon ng Diyos sa atin?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Nais ng Diyos na pagpalain ang kanyang bayan, ang kanyang mga anak.
- ✓ Ang pagrereklamo ay pagrerebelde sa Diyos, at nararapat lamang na parusahan ng kamatayan.
- ✓ Kailangan natin ng perpektong Tagapamagitan para mapatawad tayo ng Diyos – walang iba kundi si Jesus. Dahil kay Jesus, kapatawaran ng kasalanan ang mararanasan natin. Pero maaari pa ring pagdusahan natin ang mga consequences ng mga nagawa nating kasalanan.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



☐ **Read.** Basahin ang **Bilang 11-12**.


☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Bilang 11:23**, “Sinabi ng PANGINOON kay Moises, ‘May limitasyon ba ang aking kapangyarihan? Makikita mo ngayon kung mangyayari ang sinabi ko o hindi’” (ASD).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Disciplines a Faithless Generation” sa http://bit.ly/09wilderness.

# Chapter 20 – Complaints Part 2 (Wilderness)

Story from **Numbers 13-14**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pagdating nila sa disyerto ng Paran, iniutos ng Diyos kay Moises na magpadala ng 12 lalaki para mag-espiya sa Canaan – sa lupang ibibigay ng Diyos sa Israel. Sinabihan sila ni Moises, *"Tingnan n'yong mabuti kung ano ang itsura ng lupa, kung malakas ba at marami mga tao roon, kung napapalibutan ba sila ng pader, kung masagana ba ang lupa at maraming puno. Ibalita n'yo sa amin ang makikita n'yo."*

Pagkatapos ng 40 araw na pag-eespiya, bumalik sila sa kampo at ibinalita ang mga nakita nila. Sabi nila, *"Maganda nga at sagana ang lupang iyon. Pero malalakas ng mga tao roon, malalaki ang lungsod nila at napapalibutan ng pader."*

Pinakalma ni Josue at Caleb, kasama sa 12 espiya, ang mga tao, *"Lalakad tayo at lulusubin natin sila. Siguradong makukuha natin ang lupa nila. Gagabayan tayo ng Diyos at ibibigay niya ito sa atin. Huwag kayong magrebelde sa Diyos, huwag kayong matakot, kaya natin silang talunin, dahil ang Diyos ang tutulong sa atin."*

Pero kinontra sila ng 10 kasama nilang nag-espiya, *"Hindi natin kakayanin ang pagsalakay sa kanila dahil mas malakas sila sa atin."*

Dahil dito, malakas na nag-iyakan ang mga tao at nagreklamo kay Moises at Aaron, *"Mabuti pang namatay na lang tayo sa Egipto o dito sa disyerto! Bakit pa tayo dadalhin ng Diyos sa lupaing iyon? Para lang mamatay tayo sa labanan at bihagin pa ang mga asawa't anak natin?"* Nag-usap-usap sila at sinabi, *"Pumili tayo ng pinuno natin at bumalik na tayo sa Egipto!"*

Babatuhin na sana sila ng mga Israelita, pero biglang nagpakita ang presensiya ng Diyos. Sinabi niya kay Moises, *"Sa kabila ng mga himalang ipinakita ko sa kanila, hanggang kailan pa ba nila ako itatakwil? Hanggang kailan pa ba sila hindi maniniwala sa akin? Papadalhan ko sila ng salot at papatayin ko sila!"*

Nakiusap si Moises, *"'Wag po, alang-alang sa inyong pangalan. Ipakita n'yo po ang inyong kapangyarihan ayon sa sinabi n'yong mapagmahal kayo at nagpapatawad ng kasalanan. Patawarin n'yo po ulit sila gaya ng dati."*

Sagot ng Diyos, *“Sige, papatawarin ko sila. Pero walang sinuman sa kanila ang makakapasok sa lupang ipinangako ko, dahil sa kabila ng mga nakita nilang ginawa ko ay sinubok nila ako at di sila nagtiwala sa akin. Sabihin mo sa kanila: Mamamatay kayo rito sa disyerto. Dahil sa karereklamo n’yo, wala ni isa man sa inyo na 20 taon pataas ang makakapasok sa lupang ipinangako ko – maliban kay Josue at Caleb. Magdurusa kayo – pati mga anak n’yo ay damay – nang 40 taon dito sa disyerto, at malalaman n’yo kung paano ako magalit sa mga taong kumakalaban sa akin.”*

Nang araw ding iyon ay namatay sa sakit ang mga espiya – maliban kay Josue at Caleb.

Pagkatapos nito ay binilinan sila ng Diyos na bumalik na sa disyerto. Pero sabi ng mga Israelita, *“Napag-isip-isip namin na nagkasala kami. Ngayon ay handa na kaming sumalakay sa lugar na ipinangako ng Diyos.”*

Sabi ni Moises, *“Bakit sumusuway pa rin kayo sa utos ng Diyos? Kapag sumalakay kayo, di kayo sasamahan ng Diyos. Matatalo lang kayo.”* Di sila nakinig kay Moises at sumalakay pa rin sila papunta sa Canaan. Natalo sila ng mga Amalekita at mga Cananeo, dahil hindi nila kasama ang Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ayon sa mga nakaraang kuwento, ano ang natatandaan n’yong ipinangako ng Diyos kay Abraham at sa bansang Israel? Alin sa mga pangakong ito ang hindi pa natutupad sa panahong naganap ang kuwento natin ngayon?

2. Ano ang naging reaksyon ng mga tao sa ibinalita ng mga espiya? Ano ang ipinapakita nito sa pagkakilala nila sa Diyos?

3. Ano ang inirereklamo nila sa Panginoon? Paanong tayo ay tulad din nila?

4. Ano ang naging tugon ng Diyos dito? Paano nagpapakilala ang Diyos sa pamamagitan ng tugon niyang ito?

5. Ano ang ginawa nila pagkatapos na marinig nila ang hatol sa kanila ng Diyos? Ano ang ipinapakita nitong ugali nila?

6. May naaalala ba kayo sa mga nakaraang kuwento na nagpapakita ng pareho ding problema ng mga tao? Ano ang koneksiyon na nakita mo?


7. Ano ang itinuturo ng eksenang ito tungkol sa ating mga tao? Paano mo nakikita ang sarili mo sa ugali ng mga Israelita?

8. Ano ang itinuturo ng eksenang ito tungkol sa Diyos?

9. Paanong ang karanasan ng mga Israelita sa kuwentong ito ay nagbibigay ng babala sa atin ngayon? Basahin ang **Hebreo 3:16–4:2**.

10. Paano namang ang ginawa ni Jesus para sa atin ay nagsisilbing halimbawang nagpapalakas ng loob nating magpatuloy sa pananampalataya sa kabila ng mga tukso at pagsubok? Basahin ang **Hebreo 4:14-16** at **12:1-3**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagrereklamo ay nagpapakita na hindi tayo nagtitiwala sa magandang intensyon ng Diyos, sa kapangyarihan niya at sa katapatan niya sa pagtupad ng kanyang mga pangako.
- ✓ Oo nga't nagpapatawad ang Diyos sa ating mga kasalanan, pero maaari pa rin nating pagdusahan ang mga consequences nito o maaaring may mga pagpapalang di natin matanggap o maranasan dahil dito.
- ✓ Dapat na manatili tayong nakatingin kay Jesus para magpatuloy tayo hanggang makamtan natin ang kapahingahan at kagalakang naghihintay sa atin sa piling niya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



☐ **Read.** Basahin ang **Bilang 13-14**.


☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Bilang 14:17-18**, "Kaya ngayon, O PANGINOON, sana po ay ipakita ninyo ang inyong kapangyarihan ayon sa inyong sinabi na mapagmahal kayo at hindi madaling magalit, at mapagpatawad sa mga kasalanan ng tao. Pero pinaparusahan ninyo ang mga nagkakasala, hanggang sa ikatlo at ikaapat na henerasyon" (ASD).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Disciplines a Faithless Generation" sa http://bit.ly/09wilderness.

# Chapter 21 – Complaints Part 3 (Wilderness)

Story from **Numbers 16, 20-21**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Nakalipas na ang 40 taon simula nang lumabas sila mula sa Egipto at nagpaikut-ikot sa disyerto. Halos patay na lahat ang henerasyong isinumpa ng Diyos na di makakapasok sa lupang pangako.

Pagdating ng mga Israelita sa disyerto ng Zin, nagkampo sila sa Kadesh. Dahil walang tubig doon, nagkaisa na naman silang magreklamo kina Moises at Aaron, *"Dinala n'yo ba kami dito sa disyerto para patayin? Walang kuwenta ang lugar na ito, ni walang tubig na mainom."*

Lumuhod sina Moises at Aaron sa Diyos para manalangin. Sinabi ng Diyos, *"Kunin mo ang baston mo. Tipunin mo ang mga tao, at habang nakatingin sila, utusan mo ang bato na maglabas ng tubig at aagos dito ang tubig."*

Kinuha ni Moises ang baston, tinipon ang mga tao sa harap ng bato, at sinabi ni Moises, *"Makinig kayong mga rebelde kayo. Anong karapatan n'yong uminom ng tubig mula sa batong ito?"* Itinaas ni Moises ang baston at pinalo nang dalawang beses ang bato, at bumulwak ang tubig.

Pero sinabi ng Diyos sa dalawa, *"Dahil hindi kayo naniwala sa akin, at hindi n'yo naipakita ang kabanalan ko sa harap ng mga taong ito, hindi rin kayo makakapasok sa lupang ipinangako ko."*

Pag-alis ng mga Israelita sa Kadesh, nagkampo sila sa Bundok ng Hor. Pag-alis dito ng mga Israelita, umikot sila sa lupain ng Edom (galing sa lahi ni Esau, na kapatid ni Jacob/Israel) dahil ayaw silang paraanin dito ng kanilang hari.

Nagsawa na ang mga tao sa paglalakbay kaya nagreklamo sila sa Diyos at kay Moises. Sabi nila, *"Papatayin mo lang ba kami dito sa disyerto? Walang makain, walang mainom! Nakakasawa na ang pagkaing 'to!"*

Dahil dito, nagpadala ang Diyos ng mga ahas, kinagat sila at marami ang namatay. At dahil sa hiling ng mga tao, lumapit si Moises sa Diyos at hiniling na tanggalin ang mga ahas.

Sabi ng Diyos kay Moises, *“Gumawa ka ng tansong hugis ahas, tukuran mo ito at itaas, at sinumang tumingin dito ay mabubuhay.”* Ganoon nga ang ginawa ni Moises, at sinumang nakagat ng ahas na tumingin doon ay gumaling at hindi namatay.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano na naman ang mga inireklamo ng mga Israelita sa eksenang ito?

2. Ano ang ipinapakita ng pagrereklamo nila sa klase ng pagtitiwala nila sa Diyos?

3. May sapat ba silang dahilan para magreklamo? Patunayan ang sagot.

4. Ano ang naging tungkuling ginampanan dito ni Moises?

5. Perpekto ba si Moises at di nagrereklamo sa Diyos? Paanong si Jesus ay higit kay Moises tungkol dito? Basahin ang **Mateo 26:39** at **Mateo 4:1-4**.

6. Ano ang naging kasalanan ni Moises (at Aaron)? Bakit iyon kinagalit ng Diyos?

7. Ano ang naramdaman n’yo nang sabihin ng Diyos na di na rin makakapasok sa lupang pangako sina Moises at Aaron? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos at sa kahalagahan ng pagsunod sa kanya?

8. Ano ang ginawang solusyon ng Diyos para sa mga nakagat ng ahas? Ano ang dapat maging tugon ng mga tao dito?

9. Ano sa tingin mo ang layunin bakit isinulat ang mga kuwentong ito na paulit-ulit na pagrereklamo ng mga Israelita habang nasa disyerto sila nang 40 taon? Basahin ang **1 Corinto 10:1-13** (lalo na ang **v. 6** at **v. 11**).

10. Base sa kuwento ngayon, nakita mo bang natuto na ang sumunod na henerasyon? Ano ang ipinapakita nito sa puso nating mga tao?


11. Anu-anong katangian ng Diyos o mga gawa ng Diyos ang nakita mo sa kuwento ngayon na kailangan mong laging alalahanin para tumibay ang pagtitiwala mo sa kanya?

12. Anu-anong bahagi ng kuwentong ito ang nagpapaalala sa iyo ng tungkol kay Jesus at sa kanyang ginawa para sa atin?

    a. Tungkol sa batong pinagmulan ng inuming tubig, basahin ang **Juan 4:13-14**; **7:37-38**; at **1 Corinto 10:4**.

    b. Tungkol sa tansong ahas, basahin ang **Juan 3:14-15**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagrereklamo ay pagrerebelde sa Diyos at nagpapakita ng kakulangan ng ating pagtitiwala sa kanya. Kaya dapat lamang na disiplinahin tayo ng Diyos.
- ✓ Sa kabila ng di natin pagiging tapat sa Diyos, nananatili siyang tapat sa atin – tapat na tuparin ang mga babala at mga pangako niya.
- ✓ Hindi natin dapat ipalagay na hindi tayo mahuhulog sa tukso, tulad ng mga Israelita.
- ✓ Si Jesus ang tanging Tagapamagitan natin sa Diyos. Kaya naman dapat ay sa kanya lang tayo tumingin at manatiling nakatingin.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



13. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

14. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

15. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Bilang 16:1-50; 20:1-13; 21:4-9.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Juan 3:14-15**, “Kung paanong itinaas ni Moises ang ahas na tanso sa ilang ay ganoon din naman, ako na Anak ng Tao ay dapat ding itaas, upang ang sinumang sumampalataya sa akin ay magkaroon ng buhay na walang hanggan” (ASD); at/o **Juan 7:37-38**, “Ang sinumang nauuhaw ay lumapit sa akin at uminom. Sapagkat sinasabi sa Kasulatan na dadaloy ang tubig na nagbibigay-buhay mula sa puso ng sumasampalataya sa akin” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Disciplines a Faithless Generation” sa http://bit.ly/09wilderness.

# Chapter 22 – From Curse to Blessing

Story from **Numbers 21-25**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Nagpatuloy sa paglalakbay ang mga Israelita. Ipinagtanggol sila ng Diyos sa mga Amoreong sumalakay sa kanila at pinagpapatay nila ang mga ito.

Pagdating nila sa kapatagan ng Moab, nagkampo muna sila doon. Natakot si Balak na hari ng Moab dahil nabalitaan niya ang ginawa ng mga Israelita sa mga Amoreo. Kaya nagpadala siya ng mga mensahero kay Balaam at ipinasabi, *"Sumpain mo ang mga Israelita dahil mukhang mas makapangyarihan sila kaysa sa amin. Baka matalo namin sila, dahil alam naming ang isinusumpa mo ay nasusumpa."*

Binalaan ng Diyos si Balaan, *"Huwag kang sasama sa kanila. At huwag mong isusumpa ang mga taong sinasabi nila, dahil pinagpala ko ang mga iyon."* Noong una, ayaw pang sumama ni Balaam, pero nang taasan na ang alok na gantimpala sa kanya ng hari, sumama na rin siya.

Nagalit ang Diyos sa inasal niya kaya hinarang siya ng isang anghel at pinagsalita pa niya ang asnong sinasakyan ni Balaam. Sinabi ng anghel, *"Sige, sumama ka na sa kanila. Pero sabihin mo lang kung ano ang pinapasabi sa iyo ng Diyos."*

Sinabi sa kanya ni Haring Balak, *"Dali, sumpain mo na ang mga taong ito."* Sumagot si Balaam, *"Paano ko susumpain ang mga taong pinagpala naman ng Diyos? Ibinukod sila ng Diyos para sa kanya. Ang bilang nila ay pinarami ng Diyos tulad ng mga buhangin sa tabing dagat."*

Naasar si Balak, *"Ano ka ba? Sabi ko sumpain mo sila, binasbasan mo pa!"* Nagpatuloy si Balaam, "*Ang Diyos ay di tulad ng mga taong sinungaling. Kapag sinabi niya, gagawin niya. Kapag nangako siya, tutuparin niya. Sinabi niyang basbasan ko sila, iyon nga ang ginawa ko. Kasama nila ang Diyos na kanilang Hari. Inilabas sila ng Diyos sa Egipto sa pamamagitan ng kanyang kamangha-manghang kapangyarihan."*

Nagalit na si Balak, *"Tumigil ka na nga!"*

Pumasok kay Balaam ang Espiritu ng Diyos at habang nakatingin siya sa kampo ng mga Israelita, sinabi niya ang mga salita ng Diyos, *"Umaapaw ang mga tubig sa kanilang mga lalagyan. Naging tanyag ang kanilang kaharian. Para silang leon na kahit matulog ay*

*walang makapangahas na lumapit. Pagpapalain ang mga nagpapala sa kanila at susumpain ang mga sumusumpa sa kanila. Mamamahala ang isang hari sa Israel at ibabagsak niya ang Moab at ang Edom."*

Pagkatapos nito, umuwi na si Balaam pati na rin si Haring Balak at di na pinakialaman ang mga Israelita.

Habang nakakampo doon ang mga Israelita, marami sa kanilang mga lalaki ay kumuha ng mga asawang taga-Moab. Hinikayat sila ng mga babaeng ito na sumamba sa kanilang Diyos-Diyosang si Baal. Nahikayat naman ang mga Israelita, kaya nagalit nang matindi ang Diyos sa kanila.

Nagpadala ang Diyos ng matinding salot na pumatay sa mga Israelita. Nakita ni Finehas – anak ni Eleazar at apo ni Aaron – na may isang lalaki na nagdala ng isang dayuhang babae sa kanyang tolda. Sinundan niya ito, kumuha ng sibat at pinatay ang dalawa. Pagkatapos, huminto na ang salot, pero 24,000 pa rin ang namatay dahil sa salot.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ayon sa mga nakaraang bahagi ng Kuwento, ano ang natatandaan n'yong ipinangako ng Diyos kay Abraham at sa bansang Israel?

2. Sa simula ng kuwento ngayon, ano ang nakita nating maaaring makahadlang sa pagpapalang ipinangako ng Diyos? Ano ang nakita nating ginawa ng Diyos dito?

3. Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos natin?

4. Anu-ano ang narinig n'yong basbas ng Diyos para sa Israel? Ano ang nakita n'yong koneksyon nito sa mga nakaraang bahagi ng Kuwento?

5. Sa bandang huli ng eksenang ito, ano ang nakita n'yong nakahadlang sa maraming Israelita na makaranas ng pagpapala ng Diyos at naging dahilan pa para maranasan nila ang parusa ng Diyos?


6. Ano ang nais ng Diyos na maging tugon natin sa pagnanais niya na pagpalain tayo? Paano ito naipakita ni Finehas?

7. Ano ang itinuturo ng eksenang ito tungkol sa ating mga tao? Paano mo nakikita ang sarili mo sa ugali ng mga Israelitang nag-asawa ng ibang lahi?

8. Paano mo maipapakita ang sigasig para sa karangalan ng Diyos tulad ng ipinakita ni Finehas?

9. Paano inihahanda ng kuwentong ito ang pagdating ng Panginoong Jesus? Maaaring tingnan ang **Bilang 24:17-19**; **Juan 2:17** at **Efeso 1:3**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Desidido ang Diyos na pagpalain ang kanyang mga anak. Walang sinumang makahahadlang sa kanya.
- ✓ Makakamit natin ang pagpapalang iyon kung magtitiwala tayo at susunod sa kanya.
- ✓ Ang makahahadlang lang para maranasan natin ang pagpapalang iyon ay ang katigasan ng puso natin.
- ✓ Determinado si Jesus na bigyang-karangalan ang Ama at ibigay ang lahat ng pagpapalang ipinangako sa ating pakikipag-isa sa kanya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Bilang 22-25.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Bilang 23:19**, “Ang Diyos ay hindi tao na magsisinungaling, o magbabago ng kanyang isip. Nagsasabi ba siya ng hindi niya ginagawa? Nangangako ba siya ng hindi niya tinutupad” (ASD)?
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Blesses a New Generation” sa http://bit.ly/10blessing.

# Chapter 23 – Law for the New Generation

Story from **Deuteronomy 1-34**

### Pakinggan mo ang kuwento...





Nang ika-40 taon mula nang umalis ang mga Israelita sa Egipto, namatay na ang lahat ng lumabas nang Egipto 20 taon pataas – isang buong henerasyon ng mga isinumpa ng Diyos dahil sa kanilang pagrerebelde sa kanya. Sina Moises, Josue at Caleb na lang ang natira. Sinabi ni Moises sa buong kapulungan ng mga bagong henerasyon ng mga Israelita ang lahat ng ipinapasabi ng Diyos sa kanila:

*"Ibinibigay sa inyo ng Diyos ang lupang ito na ipinangako niya sa inyong mga ninunong sina Abraham, Isaac, at Jacob. Alalahanin n'yo palagi kung paano niya kayo pinarami at pinagpala. Kahit na ibinalita sa inyong maganda ang lugar na ito, nagreklamo pa rin ang mga magulang n'yo at natakot. Pero 'wag kayong kabahan sa mga taong nandoon. Nakita n'yo kung paano kayo inalagaan ng Diyos tulad ng isang magulang sa kanyang anak. Pero di pa rin kayo nagtiwala sa kanya. Alalahanin n'yo ngayon kung paano kayo pinagpala ng Diyos at sinamahan sa loob ng 40 taon simula nang ilabas niya kayo mula sa Egipto. Sinumpa ng Diyos ang mga kaaway n'yo, pinarusahan sila at pinatay. Manginginig sa takot ang mga makakarinig ng tungkol sa inyo. Kaya 'wag kayong matakot. Ang Diyos ang bahala sa inyo.*

*"Makinig kayong mabuti: Si Yahweh na ating Diyos ang nag-iisang Diyos. Mahalin n'yo siya nang buong puso, buong kaluluwa, at buong lakas. Igalang n'yo siya at pakinggan n'yong mabuti ang mga utos niya, sundin n'yong lahat, at wag kayong susuway kahit sa isang utos lang. Huwag n'yo itong dagdagan o bawasan. Ilagay n'yo ang mga ito sa puso n'yo. Buong puso n'yo itong sundin, para mabuhay kayo nang matagal sa lupang iyon at maging masagana ang buhay n'yo at ng inyong mga anak.*

*"Patuloy kayong pagpapalain kung susunod kayo. Pero kung susuway kayo at magrerebelde, mararanasan n'yo ang tindi ng sumpa ng Diyos, mamamatay kayo, ikakalat kayo sa ibang mga bansa, at kaunti lang ang matitira sa inyo. Pero kung buong puso kayong magbabalik-loob sa kanya, masusumpungan n'yo siya dahil siya ay maawain at di kumakalimot sa mga pangako niya.*

*"Huwag n'yong kalilimutan lahat ng sinabi ng Diyos. Ituro n'yo ito sa inyong mga anak – kapag nasa bahay, o naglalakad, o nakahiga, o nakabangon.*

*"Alalahanin n'yo kung paano dinisiplina ng Diyos ang inyong mga magulang, na parang isang ama na dumidisiplina sa kanyang mga anak. Kaya 'wag kayong magkakaroon ng ibang Diyos maliban sa kanya. Siya lang ang sambahin n'yo, at sinumang sasamba sa ibang Diyos ay patayin n'yo – kahit pa mga kamag-anak n'yo. Baguhin n'yo ang mga puso n'yo at huwag nang patigasin ang ulo n'yo. Siya lang ang mahalin n'yo at paglingkuran nang buong puso.*

Pagkatapos nito, inulit at ipinaliwanag ni Moises ang Sampung Utos na nauna nang ibinigay ng Diyos sa Bundok ng Sinai sa mga magulang nila. Lahat ng ito ay isinulat ni Moises at ibinilin sa kanila, *"Ilagay n'yo ang aklat ng kautusang ito sa tabi ng Kahon ng Kasunduan (Ark of the Covenant). Ito, pati ang langit at ang lupa, ang saksi laban sa inyo, dahil alam ko kung gaano katigas ang ulo n'yo tulad din ng mga magulang n'yo. Pumili kayo ngayon – buhay o kamatayan, pagsunod o pagsuway. Hindi mahirap ang pagsunod sa Diyos kung ilalagay n'yo sa puso n'yo ang mga ito. Pagdating n'yo sa lupang ipinangako ng Diyos titipunin n'yo ang mga tao – lalaki, babae, bata at dayuhan – at basahin n'yo ito sa kanila para mapakinggan nila at matuto silang gumalang sa Diyos at sumunod sa lahat ng kanyang utos. Gawin n'yo rin ito para sa mga magiging mga anak n'yo."*

Ipinasa ni Moises kay Josue ang tungkuling pamunuan ang Israel, ayon sa utos ng Diyos. Nagpuri sila sa Diyos, binasbasan ni Moises ang mga tao, tinanaw ang lupang pangako ng Diyos, at saka namatay. Mula noon, wala pang propeta na katulad ni Moises na sobrang lapit ang relasyon sa Diyos at nakagawa ng mga kamangha-manghang bagay tulad ng mga ginawa niya.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Bakit kailangang ulitin ni Moises ang mga nangyari o ginawa ng Diyos at ang mga utos niya?

2. Sa eksenang ito, anu-ano ang narinig n'yong tagubilin ni Moises tungkol sa relasyon nila sa Diyos? Anong klaseng relasyon ang nais ng Diyos sa Israel? Anong klaseng tugon ang nais ng Diyos sa mga ginawa niya para sa kanila?

3. Sa tingin n'yo, bakit mahalaga na ang mga ito ay ipasa sa kanilang mga anak? Ano ang mangyayari kung hindi nila gagawin ito

4. Anu-ano ang ipinapakita ng mga utos sa sermon ni Moises tungkol sa Diyos?


5. Anu-ano sa mga ito ang nagpapakita ng kundisyon ng puso ng tao? Bakit kahit na malinaw ang mga utos ng Diyos ay patuloy pa rin tayo sa pagsuway?

6. Ano ang pagsasalarawan tungkol kay Moises sa eksenang ito? Paano ito magsisilbing hamon sa mga Israelita?

7. Paano namang ang pagsasalarawang ito kay Moises ay naghahanda sa pagdating ng Panginoong Jesus? Ikumpara ang **Deuteronomio 34:10-12** sa **Juan 1:14, 16-18** at **Hebreo 3:1-6**.

8. Paanong ang kuwentong ito ay nagpapakita sa atin na kailangan natin ng isang Bagong Tipan (New Covenant)? Ikumpara ang **Deuteronomio 10:16** at **30:6** sa **Ezekiel 36:26-27** at **1 Corinto 11:25**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Nag-iisa lang ang Diyos – dapat siyang mahalin nang buong puso at sundin lahat ng kanyang utos.
- ✓ Mahalagang alalahanin at huwag kalimutan lahat ng mga ginawa ng Diyos para sa atin.
- ✓ Mahalagang ipasa ang kuwentong ito sa mga susunod na henerasyon at pati hanggang sa iba't ibang mga bansa.
- ✓ Makasusunod lang tayo sa Diyos kung magkakaroon ng pagbabago ang puso natin. Ito ang pangako ng Diyos sa Bagong Tipan o New Covenant na natupad sa pagdating ng Panginoong Jesus at ng Banal na Espiritu.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Deuteronomio 1; 4; 6:1-9.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Deuteronomio 6:4-6**, “Makinig kayo, O mamamayan ng Israel: Ang Panginoon na ating Diyos ay iising Panginoon lang. Mahalin ninyo ang Panginoon na inyong Diyos nang buong puso ninyo, nang buo ninyong kaluluwa at nang buo ninyong lakas. Huwag ninyong kalilimutan ang mga utos na ito na ibinigay ko sa inyo ngayon” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Blesses a New Generation” sa http://bit.ly/10blessing.